

## ANG ATING SALIGANG-BATAS

Ang Lalawigan ng Milano ay nagpasya na magpalimbag sa okasyon nang ika-60 na anibersaryo nang Republika, nang buong nilalaman ng ating Saligang-Batas Italiana na nakasalin sa 14 (labing-apat) wika sapangkat ito ay may importanting layunin na maipakilala at maipaalam ang demokratikong batas nang Italia sa lahat na mga dayuhan na nagmumula sa iba't-ibang bansa, nang dahil sa pangangailangang makapaghanap-buhay at nagnanais na mapataas ang antas ng pamumuhay mula sa kahirapan.

Ang layunin ng mga pamamaraan at mga maaaring maging kalagayan nito sa panahong ito ay maaaring makapag-ambag sa pagbuo ng kaaya-ayang pakikipagtungo sa mga nandarayuhan at ganon din sa mga nakaatas bilang tagapagpanatili ng katiwasayan para sa lahat ng mga mamamayan at ganun din sa mga dayuhan na nandarayuhan.

Sa kabuuang pamamalakad at ang pinakamahalagang bahagi ay ang pagtanggap at pakiki-isa sa daloy ng ating batas, ang mga karapatan at mga magiging obligasyon na nakasulat dito para sa mga dayuhan na mandarayuhan sa mga darating na mga araw – ganun din para sa mga ilang dayuhan na narito na – sa mga magiging at mamamayang Italiano.

Ang Saligang-Batas ay ang batayan nang demokrasiya ng Italia. Na pinagtibay sa Kapulungan at naitatag noong ika-22 ng buwan ng Decembre 1947, na ipinahayag noong ika- 27 ng buwan ng Decembre 1947 at pinagbisa simula sa araw ng ika- 1 Enero 1948. Na kung kailan ang Italia ay kakalaya mula sa dalawang taong pawang kabuuang rehimen, rehiming diktador na pamamahala sa buong bansa at sa mula sa isang digmaang napaka-mapagsira, at sa kanya muling pagbangon ay nagbigay ng mga karapatan, kalayaan at prebilibiyo na mas nakakasulong sa buong mundo (Ang Saligang-Batas). Na siyang naging kaagapay sa muling pagkabuhay ng ating bansa at nang kanyang maibayong pagsulong na sa ngayon ay isang estado o nasyon, demokrasiya at bukas sa para lahat ng mga nabibilang na kontinenti sa Europa at sa mga mamamayang naninirahan sa mga bansang nakapaligid dito.

Sa aklat na ito ay nakasentro sa kung paano napakahalaga ang bunga nang kulturang pamamahalang demokratiko ng bansang Italia, na nagpapahayag at nagpapakilala nang hindi maaaring mabuwag ng anumang prinsipyong mapag-dikta, makasariling at mapaminsalang pamamahala. Kung kaya ang Saligang-Batas ay dapat makilala ng bawat-isa nang may pagpupunyagi kung saan ay inasahan rin mula sa bahagi ng mga kalalakihang patuloy na umuunlad at sa mga kababaihang nandarayuhan dito sa Italia at ng mga mahahalagang kasangkapan at hakbang para sa pagpapa-unlad.

Bilang paghirang sa iisang pangulong tudling na responsable at maingat sa mga problema ng ating bansa at sa buong mundo sa panahong ito.

Konsehal na

*Pangulong*

*Francesca Corso*

*Filippo Penati*

## **MGA PANGUNAHING PANUNTUNAN**

### **Art. 1**

Ang Italya ay isang Demokratikong Republika, itinatag mula sa pagpapagal ng mga mamayan.

Ang kataastaasang kapangyarihan ay nagmumula sa sambayanan na kanilang ipinatutupad sangayon sa nakapaloob at itinatakda ng Saligang Batas na ito.

### **Art. 2**

Kinikilala at pinanagutan ng Republika ang sagradong karapatan ng bawa't, tao sa lipunan kung saan ipinapahayag niya ang kaniyang pagkatao. Inaasahan ng Republika na ang mga pangunahing tungkuling pampulitika, pangekonomiya at panlipunang pagkakaisa ay maisasakatuparan.

### **Art. 3**

Ang lahat ng mga mamamayan ay may pantay na dignidad sa lipunan at pantay sa mata ng batas, na walang kinikilingan batay sa kasarian, lahi, wika, relihiyon, opinyon sa pulitika, pansarili at pangsosyal na kalagayan.

### **Art. 4**

Kinikilala ng Republika ang mga karapatan ng lahat ng mga mamamayan na gawin at paunlarin ang anumang kalagayan tungo sa pagiging epektibo ng mga karapatang ito. Bawat mamamayan ay may katungkulan, batay sa kaniyang kakayahan at indibiduwal na pagpipili, na gampanan ang isang gawain o katungkulan na makapagaangat sa materyal at espirituwal na pagunlad ng lipunan.

### **Art. 5**

Ang Republika, nagiisa at hindi nahahati, ay kumikilala at nagsusulong ng kalayaan ng mga lokal na pamahalaan, at isinasagawa sa mga iyon ang mga serbisyong nanggagaling sa estado nang may ganap na desentralisasyon sa pamamahala. Ang Republika ay isinusuond ang mga panuntunan at pamamaraan ng kaniyang batas ayon sa mga hinihingi ng pagiging malaya at ng desentralisasyon.

### **Art. 6**

Ipinagsasanggalang ng Republika ang mga wikang minoritya sa pamamagitan ng mga wastong kaparaanan.

### **Art. 7**

Ang Estado at ang Simbahang Katoliko ay may kasarinlan at kalayaan batay sa kanyakanyang nasasaklawan. Ginagabayan ng Kasunduan Lateran (Lateran Treaty) ang kanilang relasyon. Ang mga pagbabago sa kasunduan na sinangayunan ng magkabilang panig ay di na nangangailangan ng pagbabago ng Saligang Batas.

### **Art. 8**

Lahat ng mga grupong pangrelihiyon ay pantaypantay ayon sa batas. Ang iba panggrupo ng pangrelihiyon bukod sa Katoliko ay may karapatang magbuo ng kanilang sariling alituntunin subalit hindi dapat salungat sa batas ng Italya. Ang kanilang pakikipagugnayan sa Estado ay naaayon sa batas sa pamamagitan ng mga kasunduan ng Estado at ng kanikanilang mga kinatawan.

### **Art. 9**

Isinusulong ng Republika ang pagunlad ng kultura at mga siyentipiko at teknikal na pagsasaliksik. Pinangangalagaan ng Estado ang mga likas na tanawin at mga makasaysayan lugar, bagay at sining na pamana at pagaari ng bansa.

### **Art.10**

Ang mga batas ng Italya ay umaayon sa nilalaman ng mga batas pandaigdig na kinikilala ng lahat.

Ang makatarungang katayuan ng mga dayuhan ay isinasaayos ng batas alinsunod sa mga nilalaman at mga kasunduan sa Batas Pandaigdig. Ang isang dayuhan na pinagkaitan ng kaniyang sariling bansa ng demokratikong kalayaan na ibinibigay ng Saligang Batas ng Italya ay may karapatan na mapagkalooban ng asaylum sa teritoryo ng Republika, na dapat ay umaayon sa mga kundisyong isinasad ng batas. Ang pagpapabalik ng isang dayuhan sa kanyang pinaggalingang bansa sa kadahilanang pulitikal na paglabag ay hindi tinatangap.

### **Art. 11**

Itinatakwil ng bansang Italya ang digmaan bilang isang kasangkapan pangkarahasan laban sa kalayaan ng ibang tao at bilang paraan sa paglutas sa mga pandaigdigang di pagkakaunawaan. Sumasangayon ang Italya sa mga kundisyon ng pagkapantay pantay sa ibang mga estado, sa mga limitasyon ng kalayaan na mahalaga upang masiguro ang kapayapaan at katarungan sa pagitan ng mga bansa. Ang Italya ay kasama sa pagtatatag at paghihikayat sa pagtataguyod ng mga samahang pandaigdig na may ganitong layunin.

### **Art. 12**

Ang bandila ng Republika ay may tatlong kulay: berde, puti at pula, ang tatlong kulay ay pinatayang magkakatabi na may mga magkakaparehong sukat.

## **Unang Bahagi Mga Karapatan at Tungkulin ng mga Mamamayan**

### **Titulo I**

#### ***Mga Karapatan at Tungkuling Pangmamamayan***

### **Art.13**

Ang kalayaang pansarili ay hindi dapat labagin. Sa ano pamang kaparaanan, walang pagpipigil, pagsusuri o paghalughog ang pinahihintulutan, o kahit iba pang pagtatakda sa kalayaang pansarili maliban lamang kung may kautusan na nagsasaad ng mga kadahilanan mula sa hukuman o may kapangyarihan at ito ay tanging sa mga pangyayari at pamamaraang isinasaad ng batas. Sa mga bukod tanging pangyayari dahil sa pangangailangan at panahon ng mahigpit na pangangailangan, na dapat tumutugma sa isinasaad ng batas, ang mga pulis o maykapangyarihan ay maaaring magtakda ng mga pansamantalang kaparaanan, na kinakailangang maipagbigay alam sa loob ng apatnapu't walong oras sa mga awtoridad ng hukuman. At kung ang mga kaparaananang ito ay hindi napagtibay ng mga nasabing awtoridad sa sumusunod na apatnapu't walong oras, ang mga ito ay mawawalan ng bisa at saysay. Lahat ng uri ng mga mararahas na gawain sa pisikal at moral laban sa isang tao na napasailalim sa kakulangan ng kalayaan ay pinaparusahan. Ang batas ay nagsasaad ng pinakamahabang panahon ng pansamantalang pagpipigil sa kalayaan.

#### **Art. 14**

Ang tahanan ay hindi nilalapastangan. Ang mga pagsisiyasat o pagsasaliksik o pagsamsam ay hindi maaaring isagawa maliban sa mga pangyayari o pamamaraan na isinasaad ng batas na dapat ay tumutugma sa mga itinakdang katiyakan upang mapangalagaan ang kalayaang pansarili. Ang mga paghadlang at pagsisiyasat para sa kalusugan at kaligtasan ng publiko o para sa mga hangaring pang ekonomiya at usapin ukol sa buwis ay ipinatutupad ng ayong sa kaukulang mga batas.

#### **Art. 15**

Ang kalayaan at pagiging lihim ng pakikipagsulatan at iba pang uri o paraan ng talastasan ay hindi nilalabag. Ang itinatakda sa nauna ay maaaring hindi masunod sa pamamagitan lamang ng kautusan na nagbibigay ng mga kadahilanan na ipinalabas ng isang maykapangyarihang hukuman na pinananagutan ng mga itinakdang batas.

#### **Art. 16**

Ang lahat ng mga mamamayan ay may kalayaang maglakbay o manatili ng ilang araw sa anomang mang bahagi ng nasasakupan ng bansa, maliban lamang sa ilang mga limitasyon na isinasaad ng batas para sa kalusugan at kaligtasan. Ang mga kadahilanan na may kinalaman sa pulitika ay hindi maaaring gamiting limitasyon. Ang lahat ng mga mamamayan ay malayang makaalis at muling bumalik ng bansa kinakailangan lamang na matupad lahat ang mga panagutan ayon sa batas.

#### **Art. 17**

Ang mga mamamayan ay may karapatang magtipon ng tahimik at walang gamit na sandata. Walang kinakailangan pahintulot para sa mga pagpupulong kahit na sa mga lugar na bukas sa publiko. Ang mga pagpupulong sa mga lugar na pampubliko ay kinakailangang ipaalam muna sa mga kinauukulan, na maaaring hindi magbigay ng kapahintulutan sa kadahilangang pangseguridad at pampublikong kaligtasan.

#### **Art. 18**

Ang mga mamamayan ay may karapatang magbuo ng mga samahan ng malaya at di nangangailangan ng pahintulot, kung ang layunin nito ay hindi lumabag sa anumang batas kriminal. Ang mga lihim na samahan at mga nagtataguyod ng ganitong uri ng samahan kahit hindi tuwiran laban sa pampulitikang layunin sa pamamagitan ng mga organisasyong militar ay ipinagbabawal ng batas.

#### **Art. 19**

Ang lahat ay may karapatan sa malayang pagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa kahit na anong anyo, ng magisa o maramihan, ipahayag ito, at sumamba ng pribado o sa publiko, na kinakailangang lamang ang mga pagtitipon naayon sa kanikanilang pananampalatay ay hindi lumabag sa moralidad.

#### **Art. 20**

Ang katangian ng simbahan at ang layunin ng relihiyon o gawi ng pagsamba ng isang asosasyon o institusyon ay di maaaring maging dahilan ng mga limitasyon sa ilalim ng batas, o ng pagtatakda ng buwis sa kaniyang pagkabuo, katatayuang legal sa kahit anupaman sa kaniyang mga gawain.

#### **Art. 21**

May karapatan ang lahat sa malayang pagpapahayag ng kaniyang kaisipan sa pamamagitan ng pagsalita, pagsulat o iba pang paraan ng komunikasyon. Ang

pamamahayag ay hindi pwedeng sumailalim sa pagdidikta at sensura. Pinapayagan lamang ang pagsakop ng pahayagan kung mayroon lamang makatuwirang kautusan nagmumula sa mga hukuman, sa mga malinaw na mga paglabag sa batas na may kaugnayan sa pamamahayag, o kaya ay kung mayroon tinutukoy na nananagot sa paglabag sa mga itinatakda ng batas. Sa pagkakataon na kailangan ang madaliang pagkilos at ang napapanahong at agaran pagkilos ng hukuman ay hindi maaari, maaring kaagad na samsamin ng mga pulis ang naturang pahayagan, at daglian niya itong iuulat sa hukuman sa loob ng dalawampu't apat na oras. Kung hindi sumasangayon ang huli sa naturang pagsamsam sa loob ng dalawampu't apat na oras, ang naturang pagsamsam ay dapat na bawiin at ituring walang bisa. Maaring magtakda ng isang batas, sa pamamagitan ng pangkalahatang pagtadhana, na ilahad ang mga pinagmumulan ng salapi ng mga pahayagan.

Ang mga lathalain nasusulat, mga pagtatanghal sa publiko at mga pagdiriwang na may temang labag sa moralidad ay ipinagbabawal. Ang batas ay nagsasaad ng tamang paraan para maiwasan at mahinto ang lahat ng paglabag.

**Art. 22**

Walang sinumang mamamayan ang maaaring pagkaitan, ng kaniyang legal na karapatan, pagkamamamayan at pangalan ng dahil sa pampulitakang kadahilanan.

**Art. 23**

Walang anumang obligasyon pansarili o may katangiang pananalapi ang maaaring ipataw sa kanino man maliban lamang kung ito ay isinasaad ng batas.

**Art. 24**

Bawat isa ay may karapatan na gumawa ng legal na hakbang upang maipagsanggalang ang karapatan at lehitimong interes.

Ang karapatan ipagtanggol o depensa ang sarili ay hindi dapat labagin sa kahit aling bahagi o oras ng paglilitis.

Ang mga maralita ay binibigyan ng katiyakan, sa pamamagitan ng mga angkop na hakbang upang makapaghabla at dumipensa sa harap ng lahat ng antas ng hukuman.

Ang batas ang nagsasaad ng mga kundisyon at pamamaraan para sa pagwawasto ng mga pagkakamali sa hukuman.

**Art. 25**

Walang sinuman ang maaaring alisin sa kapangyarihan ng hukom mula sa saklaw na likas na ipinatawan ng batas.

Walang sinuman ang maaaring parusahan maliban lamang kung ang pagpaparusa ay umaayon sa batas na pinagtibay bago nangyari ang pagkakasala.

Walang sinuman ang maaaring sumailalim sa anumang paghihigpit maliban lamang sa mga usaping isinasaad ng batas.

**Art. 26**

Ang pagpapatapon ng isang mamamayan sa labas ng bansa ay pinapayagan lamang sa mga kaso na hayagang itinatakda ng mga internasyunal na kasunduan.

Sa kahit anupaman ang pagpapatapon dahil sa pagkakasalang may kinalaman sa pulitika ay hindi pinapayagan ng batas.

**Art. 27**

Ang pananagutan nagawang kriminal ay pansarili.

Ang nasasakdal ay hindi pa maaaring ituring na nagkasala hangga't hindi napatunayan sa pamamagitan ng huling hatol ng hukuman.

Ang pagpaparusa ay hindi dapat sumasalungat sa makataong dignidad kundi ito ay naglalayong magkamit ng pagbabagong buhay para sa nagkasala. Ang parusang kamatayan ay hindi pinahihintulutan, maliban lamang sa mga kasong itinatakda sa batas militar sa panahon ng digmaan.

#### **Art. 28**

Ang mga opisyal at empleyado ng Estado at iba pang tanggapang pampubliko ay tuwirang mananagot sa ilalim ng batas kriminal, sibil at administratibo, sa lahat ng nagawang mga paglabag sa mga karapatan. Sa ganitong mga kaso, ang pananagutang pang-sibil ay umaabot sa Estado at sa mga tanggapang pampubliko.

### ***Titulo II*** ***Mga Tuntunin Pangkabutihang Asal at Panlipunan***

#### **Art. 29**

Kinikilala ng Republika ang mga karapatan ng pamilya bilang isang likas na lipunan na itinatag sa pamamagitan ng kasal.

Ang kasal ay batay sa moral at legal na pagkakapantay ng magasawa na napapaloob sa mga limitasyong inilatag ng batas na nagbibigay katiyakan sa pagkakaisa ng pamilya.

#### **Art. 30**

Katungkulan at karapatan ng mga magulang na itaguyod, palakihin at pagaralin ang kanilang mga anak, maging ang mga batang ipinanganak sa labas ng sakramento ng kasal. Sa mga kasong walang kakayahang ang mga magulang, nagsasaad ang batas upang maisakatuparan ang kanilang mga tungkulin. Binibigyang katiyakan ng batas sa mga batang isinilang sa labas ng matrimonyo ang buong legal at panlipunang paglingap na katulad ng sa mga karapatan ng mga lehitimong miyembro ng pamilya. Nagsasaad ang batas para sa mga patakaran at limitasyon sa pagtukoy ng pagka-ama.

#### **Art. 31**

Ang Republika ay tumutulong sa pamamagitan ng mga pangekonomiyang kaparaanan at iba pang mga paglalaan, sa pagbuo ng pamilya at sa pagtupad sa mga katungkulan nito na may pangunahing pagsasaalangalang sa mga pamilya na may maraming miyembro. Pinangangalagaan ng Republika ang mga ina, ang mga bata sa pamamagitan ng pagsusulong ng kinakailangang kaukulang batas.

#### **Art. 32**

Pinangangalagaan ng Republika ang kalusugan bilang pangunahing karapatan ng isang tao at bilang samasamang kapakinabangan at tinitiyak nito ang libreng pagpapagamot para sa mga maralita. Walang sinuman ang obligadong sumailalim sa isang natatanging paraan ng pagpapagamot maliban lamang kung ito ay nakapaloob sa isinasaad ng batas. Ang batas ay hindi dapat, kahit sa anumang pagkakataon, lumabag sa mga hangganang ipinatutupad bilang respeto sa pagkatao ng isang tao.

#### **Art. 33**

Ang Republika ay naggarantiya ng kalayaan sa mga sining at agham, na maaaring ituro ito ng malaya. Inilalatag ng Republika ang mga pangkalahatang tuntunin para sa edukasyon at nagtatatag ng mga pangestadong eskwelahan ng lahat ng uri at baitang.

Ang mga samahan at mga pribadong tao ay may karapatang magtatag ng mga paaralan at mga institusyong pang-edukasyon, nang walang ipinapataw ang Estado.

Ang batas, sa kaniyang pagsasaayos ng mga karapatan at tungkulin ng mga pribadong paaralan na humihiling ng pagkakapantaypantay, ay dapat tiyakin na ang mga paaralang

ito ay nakatatama sa buong kalayaan at makapagbibigay sa kanilang mga magaaral ng pagtrato na kapantay ng sa mga nagaaral sa mga paaralang pangestado.

Ang mga pangestadong pagsusulit ay itinatakdang para sa mga magaaral upang makapasok sa iba't ibang uri at baitang ng paaralan, o sa kanilang pagtatapos at sa pagtiyak ng kanilang kakayahan sa paggamit ng propesyon.

Ang mga institusyon ng mas mataas na paaralan, mga unibersidad at mga akademya, ay may mga karapatang magtakda ng kanilang mga sariling regulasyon na dapat napapaloob sa mga isinasaad ng batas ng Estado.

**Art. 34**

Ang mga paaralan ay bukas kaninuman.

Ang mababang paaralan o elementarya, na tumatagal sa di bababa ng walong taon, ay kinakailangan at libre.

Ang mga magaaral na may kakayahan at kakaibang angkin talino, kahit walang kakayahan sa pinansiyal, ay may mga karapatang magtamo ng pinakamataas na antas ng edukasyon.

Ang Republika ay ipinagkakaloob ang nasabing karapatan sa pamamagitan ng libreng pagaaral o iskolarship, pagbibigay ng sustento sa mga pamilya at iba pang mga kapakinabangan, batay sa resulta sa kompetibong mga pagsusulit.

**Titulo III**

***Mga Karapatan at Tungkuling Pangekonomiya***

**Art. 35**

Pinangangalagaan ng Republika ang trabaho sa lahat ng uri at pagkakagamitan.

Ang Republika ay naglalaan ng mga kasanayan at mga pagpapaunlad propesyonal para sa mga manggagawa.

Isinusulong at pinapasigla ng Republika ang mga pandaigdig na kasunduan na ang mga layunin nito ay itatag at isaayos ang mga karapatan ng mga manggagawa.

Kinikilala nito ang kalayaan sa pangingibang lupain sa pamamagitan ng pagsasanggalang sa mga tungkulin na isinasaad ng batas para sa interes ng nakakarami, at pinangangalagaan nito ang mga manggagawang Italiano sa ibang bansa.

**Art. 36**

Ang mga manggagawa ay may karapatan sa sahod na karapat dapat sa uri at dami ng kanilang trabaho at sa lahat ng pagkakataon ay sapat upang matiyak na sila at ng kanilang mga pamilya ay mabuhay na malaya at may dignidad.

Ang pinakamahabang oras sa pagtatrabaho ay isinasaad ng batas.

Ang mga manggagawa ay pinagkakalooban ng karapatang magpahinga sa loob ng isang linggo at may bayad sa mga araw ng taunang pista.

**Art. 37**

Ang mga manggagawang babae ay may parehong karapatan at karapatdapat na sahod sa kaparehong gawa. Ang mga kundisyon sa trabaho ay dapat na nagbibigay sa manggagawang babae ng panahon upang isakatuparan ang kanilang mahalagang tungkulin sa pamilya at maisiguro ang natatanging proteksiyon sa ina at sa anak.

Isinasaad ng batas ang pinakamababang edad na karapatdapat sa sahurang trabaho.

Ipinagtatangol ng Republika ang trabaho ng mga menor de edad sa pamamagitan ng mga espesyal na nilalaman at tinitiyak sa kanila na sa parehong trabaho ay may karapatan sila sa parehong sahod.

### **Art. 38**

Ang bawat mamamayan na walang kakayahang magtrabaho at walang mapagkukunan ng ikabubuhay ay may karapatan sa tulong pangkagalingan.

Ang mga manggagawa ay may karapatan na mabigyan ng sapat na katugunan para sa kanilang mga pangangailangan sa pagkakataon ng pagkaaksidente, pagkakasakit, kapansanan at pagtanda, at hindi kusangloob mawalan ng trabaho.

Ang mga taong may kapansanan ay may mga karapatan sa edukasyon at bokasyonal na kasanayan.

Ang mga katungkulang inilatag ng artikulong ito ay ipinagkakaloob sa mga samahan at institusyon na itinatag o tinutulungan ng Estado.

Maaring magkaloob ng tulong ang mga taga pribadong sektor.

### **Art. 39**

Ang samahang manggagawa ay malayang makapagbuo ng kanilang samahan.

Walang obligasyong maaring ipapataw sa mga samahang manggagawa maliban sa pagpapatala nito sa mga lokal at sentral na mga tanggapan, ayon sa isinasaad ng batas.

Ang isa sa kundisyon sa pagpapatala ng samahang manggagawa sa kanilang panloob na organisasyon na dapat ang mga batas na nasusulat ng samahan ay umaayon sa demokratikong pamamaraan.

Ang mga rehistradong samahan ay itinuturing na isang legal na tao. Sa pamamagitan ng kinatawang pangkat na naayon sa dami ng kanilang mga miyembro, ay maaaring pumasok sa isang kolektibong kasunduan na may kinalaman sa paggawa na dapat ay mabisang maipapatupad sa lahat ng mga tao na nasasakop ng binabanggit sa kasunduan.

### **Art. 40**

Ang karapatan sa kilos pangindustriya ay isinasagawa ayon sa batas na nangangasiwa nito.

### **Art. 41**

Ang inisyatibong pangekonomiya ng mga pribadong sektor ay malayang maisasakatuparan.

Ito ay hindi maaaring isagawa kung sumasalungat sa kapakanan ng publiko o sa pamamaraan na maaaring makapinsala sa kaligtasan, kalayaan at dignidad ng tao.

Ang batas ay magtatakda ng wastong mga programa at pangangasiwa ng mga gawaing pangekonomiya ng mga pampubliko at pribadong sektor upang mabigyan ng tamang direksiyon at koordinasyon tungo sa mga panlipunang layunin.

### **Art. 42**

Ang pagaari ay maaaring pampubliko o pribado. Ang mga produkto ng ekonomiya ay pagaari ng Estado, ng mga pribadong kawanihan o mga pribadong tao. Ang pribadong pagaari ay kinikilala at ginagarantiya ng batas, na siyang nagsasaad ng mga kaparaanan kung paano ito matatamo, mapapakinabangan at ang kaniyang hangganan, upang masiguro ang kaukulang panlipunan at gawin itong bukas sa lahat.

Ang pribadong pagaari ay maaaring kuhanin ng Estado sa kadahilanan ng kapakanan ng publiko, sa mga kasong isinasaad ng batas at may nakalaang kompensasyon.

Ang batas ay nagsasaad ng mga patakaran at limitasyon sa lehitimo at sa mamanahin ayon sa huling habilin at ang karapatan ng Estado sa mga usapin na may kinalaman sa pagpapamana.

### **Art. 43**

Para sa pangkalahatang kapakinabangan, ang partikular na mga negosyo o mga kategoriya ng mga negosyo na may kaugnayan sa pagbibigay ng mahahalagang serbisyo



publiko, mga pinagmumulan ng enerhiya o may monopolyang kalagayan at may pangunahing pampublikong interes, ay maaari na ilaan mula sa simula upang ilipat ang pagmamayari sa Estado, sa mga pampublikong kawanihan o sa mga manggagawa sa komunidad, o sa mga makikinabang, o di kaya maaring ilipat sa kanila sa pamamagitan ng pagangkin at pagbayad ng karampatang bayad.

**Art. 44**

Sa hangaring masiguro ang wastong paggamit ng lupa at upang ang kaugnayang panlipunan ay makatuwiran, ang batas ay nagpapataw ng mga obligasyon at mga balakid sa pribadong pagmamayari ng lupa; nagtatakda ng mga limitasyon sa pagpapalawig ng nasabi batay sa rehiyon at agrikulturang sona; pagtatag at paguutos nang pagangkin muli sa lupa, paglinang ng malalawak na mga lupain at reorganisasyon ng mga bukidang pangkat; at nagbibigay tulong para sa mga maliliit at kainamang laki ng mga ari-arian. Ang batas ay nagsasaad ng mga tuntunin na pabor sa mga bulubunduking lugar.

**Art. 45**

Kinikilala ng Republika ang gampaning panlipunan ng pagkakaisa na may pagkakatuwang at walang pansariling interes. Pinapaunlad at hinihikayat ng batas ang pagkakaisa sa pamamagitan ng mga wastong pamamaraan at upang matiyak ang kaniyang layunin sa pamamagitan ng tamang pagsubaybay. Ang batas ay naglalaan ng mga pamamaraan upang mapangalagaan at maitaguyod ang mga kasanayang sa mga gawain yari sa kamay.

**Art. 46**

Alinsunod sa layuning maiangat ang ekonomiya at mapabuti ang paggawa na tumutugon sa mga pangangailangan ng produksiyon, kinikilala ng Republika ang mga karapatan ng mga manggagawa sa pakikipagtulungan, sa paraan at sa loob ng mga limitasyong isinasaad ng batas, sa pamamahala ng mga negosyo.

**Art. 47**

Pinapasigla at iniingatan ng Republika ang mga naimpok sa kahit anong anyo. Isinasaayos, iniakma at sinusubaybayan ang gawaing pagpapautang. Ang Republika ay nagtataguyod ng kaparaan sa pamamagitan ng ukol sa naimpok ng mga mamamayan tungo sa pagkakaroon ng sariling bahay at pangasiwaang linangin ang lupa, at maging ang direkta or hindi direktang pamumuhunan sa pakikipagsosyo sa mga malalaking kompanya sa bansa.

**Titulo IV**  
**Mga Karapatan at Tungkulin sa Pulitika**

**Art. 48**

Lahat ng mga mamamayan, lalake o babae na nasa hustong gulang ay maaaring bumoto. Ang boto ay personal at pantay, malaya at lihim. Ang pagtupad sa mga ito ay isang tungkulin bilang mamamayan. Isinasaad ng batas ang mga kundisyon at kaparaanan upang ang mga mamayang naninirahan sa ibang bansa ay makaboto sa mga eleksiyon sa bansa at tinitiyak na epektibo ang pagpapatupad nito. Ang mga bumubuo ng mga manghahalal na nakatira sa ibang lupain ay bubuuin kung saan ang mga miyembro nito ay mula sa mga ibobotong miyembro ng parehong Kapulungan ng Parliyamanto; ang bilang ng mga pwesto para sa mga posisyong ito ay nilalaman sa Konstitusyon batay sa pamantayan isinasaad ng batas. Ang karapatang bumoto ay hindi maaaring paghigpitan maliban lamang sa kadahilanan

ng kawalan ng kakayahang pangmamamayan, o bilang resulta ng hindi na mapapawalang saysay na sentensiyang kaparusahan o sa mga kasong kawalan ng karapatang pangmoral na ayon sa isinasaad ng batas.

**Art. 49**

Ang lahat ng mamamayan ay may karapatan na malayang sumama o sumapi sa iba't ibang klase ng partido para makaambag sa mga demokratikong pamamaraan sa pagtukoy ng mga pambansang patakaran.

**Art. 50**

Ang lahat ng mamamayan ay maaaring magharap ng mga petisyon sa parehong Kapulungan para humiling ng mga panukalang batas upang magpahayag ng samasamang pangangailangan.

**Art. 51**

Lahat ng mamamayan, anuman ang kasarian ay maaaring mahirang o mahalal sa isang pampublikong posisyon na may pantay na panahon ng panunungkulan, ayon sa itinatakdang kondisyon ng batas. Sa ganitong pananaw ang Republika ay maaring gumawa ng hakbang tungo sa pagkakaroon ng pantay na karapatan ang mga babae at lalake. Maaaring payagan ng batas ang mga Italianong hindi residente ng Republika na magkaroon ng pantay na karapatan bilang mga mamamayan na makapasok sa mga pampublikong tanggapan o nahalal na posisyon.

Sinuman ang mahirang na gumanap sa isang pampublikong posisyon ay may karapatan na mabigyan ng sapat na panahon para tapusin ang tungkuling iniatang sa kanya at pangalagaan ang kanyang hawak na lugar sa dating pinagtatrabahuan.

**Art. 52**

Ang pagtatanggol sa Amangbayan ay isang sagradong tungkulin ng bawat mamamayan. Ang serbisyong militar ay obligasyon na nakaayon sa limitasyon at paraang isinasaad ng batas. Ang pagganap ng serbisyong militar o ang pagganap ng kanyang pampulitikang karapatan ay hindi dapat makakaapekto sa trabaho ng mamamayan.

Ang pagbubuo ng sandatahang lakas ay nakabatay sa demokratikong diwa ng Republika.

**Art. 53**

Ang lahat ay kinakailangang magbigay ng kanyang bahagi sa mga pampublikong gastusin, nang naaayon sa kanyang kakayahan magbubuwis.

Ang sistema ng pagbubuwis ay nakabatay sa kriterya ng pagunlad.

**Art. 54**

Ang lahat ng mamamayan ay may tungkulin na maging tapat sa Republika at itaguyod ang Saligang Batas at mga batas. Ang mga mamamayan na pinagkatiwalaan ng mga pampublikong gawain ay may tungkuling tuparin ang mga ito nang may disiplina at dangal at manunumpa sa sa katungkulan ayon sa mga katungkulang isinasaad ng batas.

**IKAALAWANG  
BAHAGI  
ORGANISASYON NG  
REPUBLIKA**

***Titulo I  
Ang Parlyamento***

***Seksyon I  
Ang mga kapulungan***

**Art. 55**

Ang Parlyamento ay kinabibilangan ng Kapulungan ng mga Kinatawan at ng Senado ng Republika. Ang Parlyamento ay nagtitipon sa isang magkaanib na pulong ng mga miyembro ng parehong Kapulungan sa mga pagkakataon lamang na isinasaad ng Konstitusyon.

**Art. 56**

Ang paghalal sa Kapulungan ng mga Kinatawan ay isinasagawa sa pamamagitan ng pangkalahatan at direktang karapatan sa pagboto. Ang bilang ng mga Kinatawan ay anim na raan at tatlumpu, labindalawa nito ay inihalal ng mga mamayang nangasa ibang bansa. Ang lahat ng mga botantena sumapit na sa 25 taong gulang sa araw ng halalan ay maaari nang maging mga kinatawan. Ang pamamahagi ng mga luklukan sa bawat distrito ay sa pamamagitan ng pagbabahagi ng bilang ng mga nakatira sa Republika, na makikita sa pinakabagong pambansang sensus ng populasyon, sa anim na raan at labinwalo at ipapamahagi ang mga luklukan ayon sa populasyon ng bawat distrito, na ibinabatay sa kabuuang bahagi at ang pinakamataas na matitira.

**Art. 57**

Ang halalan ng Senado ng Republika ay isinasagawa sa bawat rehiyon maliban sa mga luklukang inilalaan sa mga mamayang nangasa ibang bansa. Ang bilang ng mga Senador na ihahalal ay tatlong daan at labinlima, ang anim dito ay inilalaan sa mga mamayang nangasa ibang bansa. Walang rehiyon ang magkakaroon ng mas mababa sa pitong Senador; ang Molise ay magkakaroon ng dalawa at ang Valle d' Aosta ay isa. Ang pagbabahagi ng mga luklukan sa rehiyon, ay ayon sa nauna nang Artikulo, maliban doon sa inilaan na sa mga mamayang nangasa ibang bansa, ay gagawin sangayon sa kasukat ng populasyon ng mga rehiyon ayon sa pinakabagong sensus at nakabatay sa kabuuang bahagi at ang pinakamataas na matitira.

**Art. 58**

Ang mga Senador ay ihahalal ng mga botanteng may gulang na 25 taong sa pamamagitan ng pangkalahatan at direktang karapatan sa halalan. Ang mga botanteng may gulang na apatnapung taon ay maaaring mahirang na Senador.

**Art. 59**

Ang sinumang naging Pangulo na ng Republika ay tinuturing na isang senador habang buhay bilang isang karapatan maliban na lamang kung ang mugkahing ito ay kaniyang tatanggihan.

Ang Pangulo ng Republika ay maaaring humirang ng limang mamamayan na maging senador panghabang buhay kung sila ay nagbigay dangal sa Bansa sa pamamagitan ng kanilang mahusay at pambihirang mga nagawa sa lipunan sa larangan ng agham, sining at literatura.

#### **Art. 60**

Ang Kapulungan ng mga Kinatawan at ang Senado Republika ay mauupo sa posisyon ng limang taon.

Ang panahon ng panunungkulan ng bawat Kapulungan ay hindi kailanman mapapahaba maliban lamang kung pinagtibay ng isang batas at sa panahon ng digmaan.

#### **Art. 61**

Ang halalan ng mga bagong Kapulungan ay gagawin sa loob ng pitumpung araw ng pagtatapos ng termino ng mga lumang Kapulungan.

Ang unang pagpupulong ay isasagawa nang hindi lalampas sa dalawampung araw matapos ang eleksyon. Hanggang hindi pa dumarating ang unang pagpupulong ng bagong Kapulungan ay mananatili sa kapangyarihan ang lumang Kapulungan.

#### **Art. 62**

Ang mga Kapulungan ay magtitipon sa pamamagitan ng karapatan sa unang araw ng trabaho ng Pebrero at Oktubre.

Ang bawat Kapulungan ay maaaring ipatawag sa isang pambihirang pagpupulong na kusang ipinatawag ng Pangulo nito o ng Pangulo ng Republika o ng isangikatlo ng mga miyembro nito.

Kung ang isang Kapulungan ay magtitipon sa isang pambihirang pagpupulong, Karapatan din ng kabilang Kapulungan ang magtipon.

#### **Art. 63**

Ang bawat Kapulungan ay maghahalal ng sarili nitong pangulo at itatatag nito ang Tanggapan ng Pangulo. Kapag ang Parlyamento ay magsagawa ng isang magkasanib na pulong, ang Pangulo at mga namamahalang opisyaes nito ay dapat na magmumula sa Kapulungan ng mga Diputado.

#### **Art. 64**

Ang bawat Kapulungan ay magpapatibay ng sarili nitong mga kalakaran sa pamamagitan ng ganap na mayorya ng mga miyembro nito. Ang mga sesyon ay pampubliko; ngunit ang bawat isa sa mga Kapulungan at ang Parlyamento, o sa isang magkasanib na pagpupulong ng dalawang Kapulungan, ay maaaring magdesisyon na magsagawa ng isang lihim ng pagpupulong.

Ang mga desisyon ng bawat Kapulungan at ng Parlyamento ay walang bisa kung ang mayorya ng mga myembro nito ay walang sapat na bilang at kung ang mga ito ay hindi ipinasa ng mayorya ng mga myembrong naroon sa sesyon maliban na lamang kung inaatas ng Saligang Batas ang isang espesyal na mayorya.

Ang mga miyembro ng gobyerno, ay may karapatang dumalo kahit na hindi sila kabilang sa parehong Kapulungan o kung sila ay inatasan ng obligasyon na dumalo sa mga sesyon. Sa kanilang kahilingan maaaari din silang pakinggan.

#### **Art. 65**

Ang batas ang siyang nagtatakda ng mga paglabag sa tungkulin at sa pagpapasiya kung ano at sino karapat dapat at hindi na angkop sa pagtupad ng tungkulin ng isang kinatawan o senador.

Walang maaaring maging kaanib ng parehong Kapulungan sa iisang panahon.

**Art. 66**

Ang bawat Kapulungan ay magpapasiya ng mga katangian para sa pagtanggap ng mga kaanib nito at ang magtatakda kung anuano ang mga paglabag upang maituring na hindi karapat dapat at hindi angkop sa tungkulin.

**Art. 67**

Ang bawat miyembro ng Parlyamento ay kumakatawan sa Bayan at dala nito ang mga tungkulin nang walang pagkukulang sa mga kautusan nito.

**Art. 68**

Ang mga miyembro ng Parlyamento ay hindi kinakailangang magbigay ng paliwanag saanumang opinyong ipinahayag o botong ginawa sa pagsasagawa ng kanilang mga tungkulin.

Kung walang kautusan nagmumula sa Kapulungan kinabibilangan, walang miyembro ng Parlyamento ang maaaring sumailalim sa personal na paghaluhog o sa paggalugad ng kanyang tahanan. Hindi rin sila maaaring arestuhin o tanggalan ng kanilang personal na kalayaan, o makulong, maliban lamang kung ang miyembro ay nahuli sa aktong gumagawa ng paglabag (*en flagrante delicto*) kung saan ang pagaresto ay sapilitan at kinakailangan.

Kinakailangan din ang parehong pahintulot ng mga nasabing kapulungan bago ang mga komunikasyon at paguusap ng mga miyembro ay mapakialaman o ang kanilang mga sulat ay maharang.

**Art. 69**

Ang mga miyembro ng Parlyamento ay makakatanggap ng kaukulan sahod ayon sa isinasaad ng batas.

*Seksyon II*

*Ang Pagbalangkas ng mga Batas*

**Art. 70**

Ang tungkulin sa paggawa ng mga batas ay pangkalahatang isinasagawa ng parehong Kapulungan.

**Art. 71**

Ang pagsasabatas ay pinapangunahan ng gobyerno, ng bawat miyembro ng mga Kapulungan, at ng mga bahagi at pangkat na binigyang kapangyarihan ng Konstitusyon. Ang mamamayan na may bilang na umigit kumulang sa limampung libong botante, sa pamamagitan ng isang pormal na kahilingan ay maaaring humiling at maghain ng isang panukalang batas na binubuo ng mga artikulo.

**Art. 72**

Ang bawat binalangkas na batas na isusumite sa isa sa mga Kapulungan ay, ayon sa mga alituntunin, pinagaralan ng isang komite at pagkatapos ay nang mismong Kapulungan na siyang nagpapatibay nito, artikulo sa artikulo at sa pamamagitan ng boto. Ang mga alituntunin ay nagtatakda ng pinaikling pamamaraan para sa pagbalangkas ng batas na idineklarang inakailangan sa pinakamadaling panahon. Maaari rin nilang itakda, sa anong kaso at sa anong paraan ng pagaaral at pagsangayon ng mga panukalang batas ay ipagkaloob sa pagsusuri ng mga komite, kabilang ang mga nakaantabay na komite, na binuo upang maipakita ang bahagi Parlyamento. Maging sa mga ganitong kaso, hanggang sa takdang panahon na aprubahan ito, ang panukalang batas ay maaaring isumite sa Kapulungan kung ang gobyerno o isang-ikasampu (1/10) ng miyembro ng

Kapulungan o isang-ikalima (1/5) ng komite ay humiling na ito ay pagtalunan at pagbotohan o ito ay maaprubahan sa pamamagitan ng botohan lamang. Ang mga alituntunin ang siyang magtatakda ng mga paraan kung papaano maipapaabot sa publiko ang hakbang ng mga komite. Ang regular na pamamaraan ng pagaaral at tuwirang pagsangayon ng Kapulungan ay kailangang palaging sinusunod para sa mga panukalang batas na tumutukoy sa mga bagay na pangkonstitusyonal at panghalalan at para doon sa mga pagkakaloob ng kapangyarihan sa pagpapatupa ng batas at pagpapatibay sa mga tratado, pagbigay kapangyarihan ukol sa ng mga laang gugulin at paliwanag sa mga gastusin.

#### **Art. 73**

Ipinapahayag ng Pangulo ng Republika ang mga batas isang buwan matapos itong maaprubahan.

Kung ang bawat Kapulungan, sa pamamagitan ng ganap na mayorya ng mga miyembro nito, ay nagdeklarang isang panukalang batas ay kinakailangan sa pinakamadaling panahon, ang ay ipinoproklama nito ay itatakda mismo ng nasabing panukalang batas.

Ang mga batas ay kagyat na ilalathala matapos itong isabatas at magkakaroon ng bisa labinlimang (15) araw matapos mailathala ito maliban kung isinasaad ng mismong batas ang ibang araw o panahon.

#### **Art. 74**

Maaring hilingin sa mga Kapulungan ng Pangulo ng Republika bago niya ipahayag ang isang batas, sa pamamagitan ng mensaheng nagpapaliwanag ng kadahilanan, na ito ay muling pagaralan at pagtalunan .

Kung muling ipasa ng Kapulungan ang panukalang batas, kailangan na itong maipahayag.

#### **Art. 75**

Kailangan ang isang laganap na sanggunian para mapawalang bisa, ng buo o ilang bahagi, ang isang batas o isang gawa na mayroong kapangyarihan ng batas kung ito ay hihilingin ng limandaang libong mga botante o limang pangrehiyong sanggunian.

Hindi pinapayagan ang isang sanggunian kung ito ay para sa buwis, laang-gugulin, amnestiya at mga batas na nagkakaloob ng kapatawaran at sa pagpapatibay ng mga kasunduan pangdaigdig. Ang lahat ng mga mamamayan na maaaring bumoto para sa Kapulungan ng mga Diputado ay maaari ring lumahok sa mga sanggunian. Ang isang kahilingan na isinailalim sa sanggunian ay pagtitibayin kung naabot ang bilang ng mayorya na mayroong karapatang bumoto at ang mayorya ng mga botong natanggap. Ang batas ang nagtatakda ng mga pamamaraan para sa pagsasagawa ng sanggunian.

#### **Art. 76**

Ang pagsasagawa ng tungkulin sa pagsasabatas ay hindi maaaring ipakatawan sa gobyerno kung hindi pa natutukoy ang mga prinsipyo at kriteriyang pumapatnubay, at ito ay may limitadong panahon at sa natatanging layunin o tunguhin lamang.

#### **Art. 77**

Hindi dapat maglabas ang gobyerno ng mga kautusan na mayroong bisa ng ordinaryong batas kung walang pagaatang ng tungkulin mula sa mga kapulungan.

Sa mga pambihirang pagkakataon ng kagyat na pangangailangan ang pamahalaan ang magpapatibay ng mga pansamantalang pamamaraan na may bisa ng batas, kinakailangang sa mismong araw ding iyon ay iharap ng ito ng pamahalaan sa kapulungan upang maging isang ganap na batas na. Kinakailangang magsamasama ng muli ang kapulungan sa loob ng limang (5) araw kahit ito ay wala nang pagpupulong.

Mawawalan ng bisa ang mga kautusang nabangit sa panimula pa lang kung ito ay hindi ginawang ganap na batas sa loob ng animnapung (60) araw matapos itong malathala. Maaaring isaayos ng Kapulungan, sa pamamagitan ng batas, ang mga usaping legal na maaaring sumulpot mula sa mga atas na hindi pinagtibay na isang ganap na batas.

#### **Art. 78**

Ang Kapulungan ang siyang magdedeklara kung ang bansa ay nasa kalagayan ng digmaan at pinagkakalooban nito ang Parliyamto ng mga kinakailangang kapangyarihan.

#### **Art. 79**

Ang mga amnestiya ay ipinagkakaloob sa pamamagitan ng isang kilos parliyamto na nangangailangan ng dalawang-ikatlong (2/3) mayorya ng mga miyembro ng bawat Kapulungan na pagbobotohan ang bawat artikulo at ang batas sa kabuuan.

Tutukuyin rin ng kilos paryamento na nagkakaloob ng amnestiya ang mga takdang araw para sa pagsasagawa nito.

Sa bawat pagkakataon, ang mga amnestiya ay hindi maaaring ipagkaloob sa mga krimeng kinasangkutan matapos ang petsa kung saan ang panukalang batas ay pinagusapan sa Kapulungan.

#### **Art. 80**

Pinapayagan ang mga Kapulungan, sa pamamagitan ng batas, ang pagpapatibay ng mga kasunduang pandaigdig na may katangiang pulitikal o kaya ay magpatawag ng arbitrasyon o legal na pagkakasunduan na nagtatakda ng mga pagbabago sa pambansang teritoryo, mga suliraning pinansiyal o pagbabago sa mga batas.

#### **Art. 81**

Pinapagtibay ng mga Kapulungan ang mga Laang gugulin at gastusin bawat taon na isinumite ng pamahalaan.

Ang pansamantalang gamit ng laang-gugulin ay hindi maaaring papagtibayin maliban kung pinapahintulutan ng batas at ito ay tatagal lamang sa panahong hindi lalagpas nang apat (4) na buwan.

Dahil sa batas na nagaapruba sa laang-gugulin, hindi posibleng magpanukala ng mga bagong buwis o nang mga bagong gastusin.

Anumang karagdagang batas na may kinalaman sa bago at pagpapataas ng gastusin ng gobyerno ay kinakailangang magtukoy ng mga paraan kung papaano ito matugunan.

#### **Art. 82**

Ang bawat Kapulungan ay maaaring magpatawag ng imbestigasyon sa mga paksang may pampublikong interes. Para sa nasabing layunin, maghihirang ng mga miyembro para sa isang komite.

Ang komiteng magiimbestiga ay may parehong kapangyarihan at limitasyon nang katulad sa mga imbestigasyon ng hukuman.

### ***Titulo II*** ***Ang Pangulo ng Republika***

#### **Art. 83**

Ang Pangulo ng Republika ay inihalal ng parlyamento sa isang magkasanib na sesyon ng mga miyembro nito. Ang bawat Konsehong pangrehiyon ay maghahalal ng tatlo (3) upang kanilang maging kinatawan.

Ang Valle d'Aosta ay may isang delegado lamang. Ihahalal ang Pangulo ng Republika sa pamamagitan ng sekretong boto ng dalawang-ikatlong (2/3) mayorya ng assembliya. Pagkatapos ng ikatlong (3) balota, sapat na ang ganap na nakararami.

#### **Art. 84**

Sinumang mamamayan na may limampung (50) taong gulang at tinatamasa ang karapatang sibil at pulitikal ay maaaring mahalal na Pangulo ng Republika. Ang Tanggapan ng Pangulo ng Republika ay hindi ayon sa kahit anumang ibang posisyon o tanggapan. Ang kompensasyon o iba pang matatanggap ng Pangulo ay isinasaad ng batas.

#### **Art. 85**

Mauupo sa puwesto ang Pangulo ng Republika ng pitong taon. Tatlumpong (30) araw bago matapos ang kanyang termino, ang pangulo ng Kapulungan ng mga Kinatawan ay magpapatawag ng isang magkasanib na sesyon ng parlyamento at ng mga kinatawan ng rehiyon para maghalal ng bagong pangulo ng Republika. Kung mabuwag man ang kapulungan o mayroon na lamang kulang sa tatlong (3) buwan bago ito mabuwag, ang halalan ay magaganap labinlimang araw matapos ang pulong ng bagong kapulungan. Sa ganitong panahon, ang kapangyarihan ng nakaupong Pangulo ay hababa pansamantala.

#### **Art. 86**

Sa mga panahong hindi kayang tugunan ng Pangulo ng Republika ang kanyang mga tungkulin, ito ay tutugunan ng Pangulo ng Senado. Sa pagkakataon ng permanenteng balakid o pagkamatay o pagbibitiw ng Pangulo ng Republika, magpapatawag ng halalan ang pangulo ng Kapulungan ng mga Kinatawan sa loob ng labinlimang (15) araw, maliban sa mga pagkakataon na mas mahaba ang panahon na nakasaad kung saan ang Kapulungan ay nabuwag na at nasa loob ng tatlong buwan ang pagkabuwag nito.

#### **Art. 87**

Ang Pangulo ng Republika ang pinuno ng Estado at kinakatawan nito ang pambansang pagkakaisa.

Ang Pangulo ay maaari siyang magpadala ng mga mensahe sa Kapulungan.

Ang Pangulo ay may kapangyarihang: mamahala sa pagpapakilala ng mga bagong panukalang batas sa kapulungan na siyang inilulunsad ng pamahalaan, pagpapatibay ng mga batas at maglabas ng mga atas na may bisa ng batas at regulasyon, magpatawag ng mga sanggunian sa mga pagkakataong itinatakda ng Saligan Batas, maghirang ng mga opisyal ng Estado sa mga bagay na isinasaad ng batas, may kapangyarihan kilalanin at tumanggap nang mga diplomatikong representasyon, at pagtibayin ang mga pandaigdigang kasunduan, kung kinakailangan, ay pinagtibay ng Kapulungan. Ang Pangulo ang siyang pinuno ng sandatahang lakas, ang namumuno sa Pinakamataas na Sanggunian ng Tanggulan na itinatag ng batas, ang nagdedeklara ng digmaan na napagtibay ng mga Kapulungan. Ang Pangulo ang siyang namumuno sa Mataas na Sanggunian ng Hukuman. Ang Pangulo ay maaring magpawalang sala at magbawas ng kaparusahan.

Ang Pangulo ay dapat tuwirang nahaharap ng may dangal sa Republika.

#### **Art. 88**

Maaaring buwagin ng Pangulo ng Republika ang isa o parehong Kapulungan matapos itong komunsulta sa dalawang tagapagsalita.



Hindi maaaring gamitin ang kapangyarihang ito sa huling anim (6) na buwan ng termino ng Pangulo maliban kung ito ay tataon sa huling anim na buwan ng batasan.

**Art. 89**

Walang gawa ang Pangulo ang may bisa kung hindi ito pirmado ng mga nagpanukalang ministro na silang umaako ng responsibilidad sa mga ito.

Ang mga akto nitong may lehislative kahalagahan at yung mga ibang inilalatag ng batas ay kinakailangan ring lagdaan ng Pangulo ng Sanggunian ng mga Ministro.

**Art. 90**

Ang Pangulo ng Republika ay walang pananagutan sa kanyang mga ginawa alinsunod sa kanyang tungkulin maliban na laman kung ito ay matinding pagtataksil o mga pagbabanta laban sa

Saligang Batas.

Sa mga nasabing pagkakataon, siya ay patatalsikin ng Parliyamto sa pamamagitan ng pagsasakdal sa kapulungan sa isang magkasanib na sesyon nito at sa pamamagitan ng nakakarami ng mga myembro nito.

**Art. 91**

Bago gumanap ng mga tungkulin, ang Pangulo ng Republika ay kinakailangang manumpa ng katapatan sa Republika at Saligang Batas sa harap ng magkasanib na Parlyamento.

**Titulo III**  
**Ang Gobyerno**

*Seksyon I*  
*Ang Sanggunian ng mga*  
*Ministro*

**Art. 92**

Ang gobyerno ng Republika ay kinabibilangang ng Punong Ministro at ang grupo ng mga ministro kun saan ito ang bumubuo ng Sanggunian ng mga Ministro.

Hinihirang ng Pangulo ng Republika ang Pinunong Ministro at maging ang mga Ministro, kung nanaisin niya.

**Art. 93**

Ang Pangulo ng Sanggunian ng mga Ministro at ang mga Ministro ay pasusumpain ng Pangulo ng Republika bago makapanungkulan.

**Art. 94**

Kinakailangan ng gobyerno ang pananalig at tiwala ng parehong kapulungan.

Maaaring ibigay o iurong ng bawat kapulungan ang pananalig at tiwala nito sa gobyerno sa pamamagitan ng isang mungkahi na naglalahad ng mga kadahilan nito at pinagbotohan sa pamamagitan ng pagbasa ng mga pangalang nasa talaan.

Sa loob ng sampung (10) araw ng pagkakabuo nito, ang gobyerno ay haharap sa kapulungan para kunin ang pananalig at tiwala nito.

Ang salungat na boto ng isa o parehong Kapulungan laban sa isang panukala ng gobyeryo ay hindi nagpapahiwatig ng obligasyong magbitiw.

Ang isang pagpapanukala ng kawalang tiwala ay kinakailangang pirmahan ng isang-ikasampu (1/10) ng kasapian ng kapulungan at hindi maaaring pagtalunan nang mas maaga pa sa tatlong araw pagkatapos ng pagpapahayag dito.

#### **Art. 95**

Ang Punong Ministro ang siyang nangunguna at responsible sa pangkalahatang patakaran ng gobyerno.

Tinitiyak niya ang pagkakaisa sa pampulitika at patakaran sa pamamahala, magtataguyod at siyang magtutugma sa mga gawain ng mga Ministro.

May pangkalahatan panangutan ang mga Ministro para sa mga kilos o gawain ng Sanggunian ng mga Ministro samantalang pinanagutan ng bawat isa sariling mga gawa o kilos ng kanikanilang mga sariling Ministeryo.

Ang batas ang nagtatakda ng mga patakaran ng Pagkapangulo sa Sanggunian at itinatakda nito ang bilang, kakayanan at organisasyon ng mga ministro.

#### **Art. 96**

Kahit magbitiw sa pwesto ang Punong Ministro at ang mga Ministro, maaari pa rin silang panagutin ng batas sa mga krimeng ginawa na may kaugnayan sa kanilang mga tungkulin, hangga't may autorisasyon na ibinigay ang Senado ng Republika o ang Kapulungan ng mga Diputado ayon sa mga alituntuning isinasaad ng Saligang Batas.

### *Seksyon II Administrasyong Pampubliko*

#### **Art. 97**

Ang pampublikong tanggapan ay binuo ayon sa nilalaman ng batas para matiyak na ang mga Tanggapan Pampubliko ay mabubuo ayon sa itinatakda ng batas, para matiyak na mahusay at patas na administrasyon.

Ang mga patakaran ng mga opisina ay naglalalatag ng mga larangan ng kakayanan, tungkulin at responsibilidad ng kanilang mga opisyaes.

Ang pagpasok na kawani sa pampublikong administrasyon ay kailangang sumailalim sa kumpetibong pagsusulit, maliban sa mga pagkakataong isinasaad ng batas.

#### **Art. 98**

Ang mga tagapaglingkod ng bayan ay nagsisilbi tanging sa Bansa lamang. Kung sila ay mga miyembro ng Parlyamento, hindi sila maaaring umangat sa posisyon maliban lamang sa pamamagitan ng haba ng panahon ng paglilingkod. Maaaring magtakda ang batas ng mga limitasyon sa karapatang maging miyembro ng mga partido pulitikal kung ito ay sa kaso ng mga hukom, militar na nasa atktibong serbisyo, ang mga nasa posisyon at ahente ng pulis at mga diplomatikong kinatawan at konsulado sa ibang bansa.

### *Seksyon III Mga Lupon Kaagapay*

#### **Art. 99**

Ang Pambansang Sanggunian sa Kabuhayan at Trabaho, ayon sa batas, ay kinabibilangan ng mga bihasa at kinatawan mula sa pook ng produksyon, na nasusukat sa bilang at katangian ang kanilang kahalagahan.

Magsisilbi itong isang Sangguniang Lupon para sa mga Kapulungan at sa gobyerno sa mga nasabing usapin at sa mga tungkuling isinasaad mismo ng batas.

Maari itong magpasimuno ng pagsasabatas at makapagbahagi sa pagbubuo ng pangekonomiya at panlipunang batas ayon sa mga prinsipyo at limitasyong nakasaad sa batas.

#### **Art. 100**

Ang Sanggunian ng Estado ay isang lupon ng sanggunian ay ang administratibong legal at siyang katawang nagsasaalang-alang at nangangasiwa ng pagpalaganap ng katarungan. Ang Hukuman ng Tagasuri ay nagpapatupad ng mga panadlang sa pagiging lehitimo ng mga hakbangin ng gobyerno at maging ang mga kasunod na pagsubaybay sa pagpapatakbo ng laang-gugulin ng Estado.

Lumalahok ito, sa mga pagkakataon at paraang isinasaad ng batas, sa pagsusuri ng pamamahala ng pondo ng mga lupon na kung saan nagbabahagi ang Estado sa ordinaryong paraan. Tuwiran itong naguulat sa mga kapulungan ng mga resulta ng mga pagsusuri na naisagawa.

Tinitiyak ng batas ang kalayaan mula sa impluwensya ng gobyerno ang dalawang lupong nabanggit.

### **Titulo IV Ang Hudikatura**

#### *Seksyon I Organisasyon ng Hudikatura*

#### **Art. 101**

Ang katarungan ay ipinapatupad sa ngalan ng mga mamayan. Ang mga hukom ay nanagot lamang sa batas.

#### **Art. 102**

Ang mga paglilitis sa mga hukuman ay isinasagawa ng mga ordinaryong hukom na binigyang kapangyarihan at pinapamahalaan ng mga alituntuning makabatas.

Ang mga natatangi at espesyal na mga hukom ay hindi maaaring itatag. Ang maaari lamang itatag ay ang mga espesyal na seksyon para sa mga partikular na usapin lamang na nasa ilalim ng mga ordinaryong kinatawan ng hukom kasama na rito ang partisipasyon ng mga naaangkop na mga mamamayan na hindi miyembro ng hudikatura. Pinapamahalaan ng batas ang mga kaso at porma ng tuwirang pagsali ng taong bayan sa pangangasiwa ng hustisya.

#### **Art. 103**

Ang Sanggunian ng Estado at iba bang bahagi ng pangangasiwa ng hukuman ay may kapangyarihan para sa pangangalaga ng mga lehitimong karapatan at maging ng karapatan magmungkahi, ayon sa nakasaad sa batas. Ang Hukuman ng mga Tagasuri ay may kapangyarihan sa mga usapin ng ayon sa pananagutang pambubliko at iba pang usaping nakasaad sa batas.

Ang mga hukumang militar sa panahon ng digmaan ay may kapangyarihan sangayon sa batas. Sa panahon ng kapayapaan, mayroon lamang itong kapangyarihan sa mga krimeng militar na ginawa ng mga miyembro ng sandatahang lakas.

#### **Art. 104**

Ang hudikatura ay isang sangay malaya at nagsasarili sa iba pang mga kapangyarihan.

Ang Mataas na Sanggunian ng Hukuman ay pinapangunahan ng Pangulo ng Republika. Sa pamamagitan ng karapan ng katungkulan, ang unang Pangulo at ang pangkalahatan tagausig ng Hukuman ng Pagpapawalang Bisa ay kasapi.

Dalawang-ikatlo (2/3) ng iba pang mga myembro ay halal ng ordinaryong hukom na kabilang sa iba't ibang kategorya at ang isa pang isang-ikatlo (1/3) ay ihahalal ng ng Parlyamento sa isang magkasanib na sesyon mula sa mga ganap na propesor ng batas sa mga pamantasan at mga abogadong may labinlimang (15) taong kasanayan sa abogasya. Inihahalal ng Sanggunian ang ikalawang Pangulo mula sa mga miyembrong tinukoy ng Parlyamento. Ang mga nahalal na miyembro ng Sanggunian ay mananatili sa kanilang tungkulin ng apat na taon at hindi kagyat na maaaring mahirang muli. Habang nasa katungkulan, hindi sila maaaring magrehistro sa anumang propesyon o magsilbi sa parlyamento o sa pangrehiyong sanggunian.

#### **Art. 105**

Ang Mataas na Sanggunian ng Hukuman, ayon sa mga regulasyon ng hudikatura, ay may kapangyarihan sa paghirang, pagtatalaga, paglilipat, promosyon at sukatang pandisiplina ng mga hukom.

#### **Art. 106**

Ang mga hukom ay itinatalaga sa pamamagitan ng mahigpit na uri ng pagsusulit. Pinapayagan ng batas sa regulasyon ng hudikatura ang pagtatalaga, at maging ang paghahalal sa mga marangal na hukom sa anumang tungkuling ginagawa na rin ng isang hukom.

Alinsunod sa panukala ng Mataas na Sanggunian ng Hukuman, maaring italaga ang isang ganap na propesor ng batas at abogadong mayroon ng labinlimang (15) taong kasanayan sa kanilang propesyon at rehistrado sa espesyal na listahan ng mga propesyunal para sa mataas na hukuman.

#### **Art. 107**

Hindi maaaring tanggalin sa tungkulin ang mga hukom; hindi rin sila maaring mapaalis o suspindehin sa kanilang pwesto o malipat sa ibang korte o tungkulin maliban kung ito ay alinsunod sa desisyon ng Mataas na Sanggunian ng Hukuman alinsunod sa mga kadahilanan itinadhana na may kaakibat na kasiguraduhan ng pagtanggol na ayon sa mga alituntunin ng pagkakatalaga ng hukuman o may pagsangayon ng mga hukom. Ang Ministro ng Katarungan ay may kapangyarihan na magsimula ng isang aksyong pandisiplina. Ang mga hukom ay makikilala lamang sa kanilang iba't ibang tungkulin. Tinatamasa ng tagausig ng Estado ang kasiguruhang ipinagkaloob na pabor sa kanya ng mga alituntunin ng hudikatura.

#### **Art. 108**

Ang mga patakarang tumutukoy sa orginasyon ng hudikatura at mga hukom ay itinatakda ng batas. Tinitiyak ng batas ang kalayaan ng mga hukom ng espesyal na korte, ng mga tagausig ng hukuman at ng iba pang mga taong gumanap ng papel sa pamamahala ng hustisya.

#### **Art. 109**

Ang mga legal na may kapangyarihan ay may direktang gamit sa pulis ng husgado.

#### **Art. 110**

Nang walang pinsala sa kapangyarihan ng Mataas na Sanggunian ng Hukuman, ang Ministro ng Katarungan ang may

responsibilidad sa organisasyon at takbo ng mga serbisyong may kinalaman sa hustisya.

*Seksyon II*  
*Mga Patakaran sa*  
*Kapangyarihang Saklaw*

**Art. 111**

Ang saklaw na Kapangyarihan ay ipapatupad sa pamamagitan ng karapatan dinggin bago mahatulan ng batas. Ang lahat ng paglilitis ay paglalaban ng dalawang (2) panig at bawat isa ay may karapatang pantay sa paglilitis na sa harap ng isang patas na hukom sa ikatlong panig. Ipinagkakaloob din ang sapat na panahon sa paglilitis. Sa mga kasong kriminal, nakapaloob na ang akusado ay maabisuhan ng lihim katangian na akusasyon at kadahilanan ng pagsasakdal at siya ay bibigyan din ng sapat na panahon at kondisyon upang makapaghanda sa kanyang pagtatanggol. May karapatan ang nasasakdal na magtanong o matanong sa harap ng hukom ng mga taong naghahabla at ipatawag at sulutin ang mga taong maaring gamitin sa kanyang pagtatanggol sa kaparehong kundisyon ng ipinagkaloob sa mga tagausig, at maghain ng mga katibayan ayon sa kanyang depensa. Ang nasasakdal ay may karapatan sa isang tagapasalin ng wika kung ang paglilitis ay sa salitang hindi niya ginagamit o naiintindihan. Sa mga paglilitis ng ayon sa batas kriminal, ang porma ng paghahain ng ebidensiya ay tutugon sa pagdinig ng magkabilang panig. Ang pagkakasala ng nasasakdal ay hindi pagtitibayin sa pamamagitan ng mga pangungusap ng mga taong, sa pamamagitan ng kanilang sariling kusa, ay palagiang kusang umiiwas sa mga pagtatanong ng nahahabla o ng kanyang manananggol.

Pinapangalagaan ng batas ang mga kasong di umaayon sa proseso ng paghaharap na may pagsangayon ng nasasakdal o sa kadahilanang mahirap itong gawin o dahil na rin sa mga gawa ng nasasakdal.

Ang apela sa hukuman ng pagpapawalang bisa sa mga kasong paglabag sa batas ay laging pinapayagan sa mga hatol ng mga pangkaraniwan o espesyal na hukuman makakaapekto sa personal na kalayaan ng isang tao. Ang tuntuning ito ay maaring talikdan sa mga kasong hinatulan ng mga hukuman militar sa panahon ng digmaan. Ang apela sa hukuman ng pagsasawalang bisa laban sa hatol ng Konseho ng mga Bansa at sa Hukuman ng mga Tagasuri ay pinahihintulutan sa mga kadahilanan nasasaklawan nito.

**Art. 112**

Ang pampublikong tagausig ay may tungkuling maghain ng habla sa mga kasong kriminal at manguna sa paglilitis.

**Art. 113**

Sa mga gawaing labag sa administrasyong pampubliko, ang proteksyon ng mga karapatan at ng lehitimong interes ay maaaring pahintulutan sa harap ng mga hukuman. Ang nabanggit na proteksyon ay hindi maaaring tanggalin o limitahan sa mga natatanging apila o sa mga partikular na kategorya o kilos lamang. Ang batas ang nagtatakda sa kung anong kinatawan ng hukuman ang may kapangyarihang magpapawalangbisa ang mga kilos ng administrasyong pampubliko sa mga pagkakataon at kahihitnatnang tinutukoy ng batas.

**Titulo V**  
**Mga Rehiyon, Probinsya at**  
**Munisipalidad**

**Art. 114**

Ang Republika ay binubuo ng mga munisipalidad, probinsya, pangunahing lungsod, mga rehiyon at nagsasariling entidad na may sariling mga batas, kapangyarihan at tungkulin ayon sa mga prinsipyong inilalatag ng Saligang Batas Ang Roma ang kabisera ng Republika. Ang katayuan nito ay isinasabay ng Batas Estado.

**Art.115**

*(Pinawalang Bisa)*

**Art. 116**

Ang Friuli- Venezia Giulia, Sardinia, Sicily, Trentino-Alto Adige / Südtirol at Valle d'Aosta/Vallée d'Aoste ay may espesyal na porma at kondisyon ng kasarinlan alinsunod sa mga espesyal na batas na inangkin at ipinagtibay ng Saligang Batas nito. Ang Trentino- Alto Adige/Sudtiroil Region ay binubuo ng mga nagsasariling lalawigan ng Trent at Bolzano. Ang mga karagdagang espesyal na porma at kondisyon ng kasarinlan na may relasyon sa mga paksang tinukoy sa Artikulo 117, talata tatlo (3) at talata dalawa (2) letra uno (1) – limitado sa pangangailang pangorganisasyonal ng Katarungan Pangkapayapaan – at letra n) at s), ay maaaring ilapat sa ibang Rehiyon ng Batas Estado, ayon sa pangunguna ng Rehiyong nabanggit, matapos ang konsultasyon sa mga lokal na maykapangyarihan, sangayon sa mga prinsipyong inihahapag ng Artikulo 119. Ang nasabing batas ay inaaprubahan ng parehong Kapulungan sa pamamagitan ng simpleng nakakarami ng kanilang mga miyembro na may basehan sa kasunduan sa pagitan ng Estado at rehiyong nasasangkot.

**Art. 117**

Ang kapangyarihang magsabatas ay ibinibigay sa Estado at mga Rehiyon alinsunod sa Saligang Batas at nang may mga limitasyon mula sa batas ng EU at pandaigdigang obligasyon. Ang estado ay may tanging kapangyarihang magsabatas sa mga sumusunod na usapin:

- a) patakarang panlabas at pandaigdigang relasyon ng Estado; relasyon sa pagitan ng Estado at ng Unyon ng Europa; karapatan para sa asaylum at legal na katayuan ng mga hindi mamamayan ng EU;
- b) imigrasyon;
- c) relasyon sa pagitan ng Republika at ng mga pangrelihiyong denominasyon;
- d) Depensa at sandatahang lakas, seguridad ng Estado, mga sandata at amyunisyon at mga paputok;
- e) sa salapi, pangangalaga sa impok at merkato sa pananalapi; proteksyon sa kompetisyon, sistema sa palitang daigdig; pananalapi, pangangalaga sa mga impok at merkato ng pananalapi; proteksiyon laban sa kumpetensya; sistemang pamalit pandaigdigang; buwis ng estado, sistemang “*accounting*”; pagkakapantay sa yamang pinansiyal;
- f) lupon ng mga Estado at mga importanteng batas sa halalan; pambansang sanggunian; eleksyon sa Parliyamanto ng European;
- g) legal at administratibong organisasyon ng Estado at ng mga pambansang pampublikong tanggapan;

- h) pampublikong kaayusan at seguridad, maliban lamang sa lokal na pulis administratibo;
- i) pagkamamamayan, katayuan sibil at tanggapan pangrehistro;
- l) batas sa nasasakupan at pamamaraan; batas sa sibil at kriminal; sistemang administratibo ayon sa batas;
- m) determinasyon ng pamantayan ng mga benepisyong may kinalaman sa karapatan pangmamamayan at panlipunan na gagantiyahan sa buong pambansang teritoryo;
- n) mga pangkalahatang edukasyon;
- o) panlipunang seguridad;
- p) batas ng elektoral, mga namamahalang lupon at mga pundamental na tungkulin ng mga munisipalidad, probinsya at pangunahing lungsod;
- q) dogana, pangangalaga sa pambansang hangganan at pandaigdigang "*prophylaxis*";
- r) yunit ng timbang at sukat; "standard" na oras; "statistical at computerised" na pagtitipon ng datos ng estado, rehiyon at lokal na administrasyon; at mga gawa ng kaisipan;
- s) pangangalaga ng kalikasan, ekosistema at kulturang pamana. Ang mga sinangayunang isinabatas ay ginagamit sa mga sumusunod: pandaigdigang at EU ugnayan ng mga rehiyon; pangangalakal panlabas; pangangalaga at kaligtasan sa trabaho; edukasyon, nakabatay sa pagsasarili ng institusyon sa edukasyon at hindi pagsasama ng edukasyon pangbokasyonal at pagsasanay; propesyon; siyentipiko at teknolohikal na pananaliksik at inobasyon tulong para sa mga produktibong sektor; pangangalagang pangkalusugan; nutrisyon; palakasan; pangkalamidad tulong; plano sa paggamit ng kalupaan; porto sibil at paliparan; malaking transport at nabigasyon networks; komunikasyon; pambansang produksyon, transport at pamamahagi ng enerhiya; kumplimentari at suplimentari panlipunan seguridad; pagkakatugunan ng mga pampublikong kwenta at koordinasyon ng pampublikong pinansiya at ang sistema sa buwis; paglinang sa mga kayamanan sa kultura at kapaligiran at pagbubuo ng mga gawaing pangkultura; mga bankong impukan at mga institusyong nagpapautang para sa agrikultura.

Ang mga Rehiyon ay may kapangyarihang magsabatas sa lahat ng usapin na hindi kabilang sa Batasan ng Estado.

Ang mga Rehiyon at mga nagsasariling lalawigan ng Trent at Bolzano ay lumalahok sa paghahandang proseso ng pagdedesiyon tungkol sa EU kilos batasan sa mga erya na sakop ng kanilang mga responsibilidad. Sila rin ay responsible para sa pagpapatupad ng mga pandaigdigang kasunduan at mga patakaran ng EU na nakaayon sa mga alituntuning inilatag ng batas ng Estado na nagsasaayos ng pagpapatupad ng dagdag kapangyarihan ng Estado pagdating sa mga kaso nang dipagganap ng mga Rehiyon at nagsasariling mga lalawigan. Ang mga batas ng Rehiyon ay magtatanggal ng anumang balakid sa pagtatamo ng pangkalahatang pagkakapantaypantay ng babae at lalake sa aspetong panlipunan, kultura at ekonomiya at magtataguyod ito ng pantay na pagpasok, lalaki man o babae, pagdating sa mga halal na katungkulan.

Ang mga kasunduan sa pagitan ng isang Rehiyon sa iba pang Rehiyon na naglalayon na pagbutihin ang pagganap sa mga panrehiyong tungkulin ay sasangayunan ng pangrehiyong batas.

Sa mga lugar na kabilang sa kanilang mga responsibilidad, ang mga rehiyon ay maaaring pumasok sa mga kasunduan sa mga dayuhang Estado at ibang pang mga lokal na awtoridad sa mga kaso at pagkakataong inilatag ng batasan ng Estado.

### **Art. 118**

Ang mga tungkuling administratibo ay ipinagkakatiwala sa mga Munisipalidad maliban kung ito ay ipinagkakatiwala na sa mga probinsya, pangunahing lungsod at rehiyon o sa Estado, alinsunod sa mga prinsipyo ng sukursal, pag iiba at proporsyonalidad, para matiyak ang kanilang pareho o pantay na implementasyon nito. Ang mga Munisipalidad,

pangunahing lungsod probinsya ay gumaganap ng sarili nilang mga tungkuling administratibo gayundin ng mga tungkuling isinasaad sa kanila ng pang estado o pangrehiyong pagsasabatas, ayon sa kanilang sariling kakayanan. Ang pagsasabatas ng Estado ang siyang maglalaan para sa magkakaugnay na kilos sa pagitan ng Estado at ng rehiyon sa mga usaping nakasaad sa Artikulo 117, talata 2, letra b at h at maglalaan din ng mga kasunduan at magkakaugnay na aksyon sa larangan ng preserbasyon ng naming kultura. Ang Estado, mga rehiyon, pangunahin lungsod, probinsya at munisipalidad ay magtataguyod ng mga simulain pagsasarili ng mga mamamayan bilang indibiduwal at bilang miyembro ng mga samahang na may kinalaman sa mga gawaing may pangkalahatang interes sa ilalim pa rin ng prinsipyo ng sukursal.

#### **Art. 119**

Ang mga Munisipyo, probinsya, pangunahing lungsod at rehiyon ay may awtonomiya sa kita at gastos. Ang mga Munisipyo, probinsya, pangunahing lungsod at rehiyon ay magkakaroon ng sariling pagmumulan ng pinansiyal na yaman. Magtatakda sila at nangongolekta ng sarili nilang buwis ayon sa Saligang Batas at ayon sa prinsipyo ng ugnayan ng mga pondo ng Estado at ang sistema ng pagbubuwis. Naghahati sila sa kita mula sa buwis ayon sa kanilang sariling mga teritoryo. Ang pagsasabatas ng Estado ang siyang maglalaan ng isang pondong magsasapantay nang walang limitasyon sa paglalaan para sa mga teritoryong may mababang nasisingil na buwis para sa pangangailangan ng bawat tao. Ang mga kitang makukuha mula sa mga nabanggit na pinagmulan ay magbubunsod sa mga nasabing mga Munisipyo, probinsya, pangunahing lungsod at rehiyon na gastusan ang kanilang mga sariling tungkuling pampubliko. Ang Estado ay maglalaan ng pagpupunang yaman at kukuha ng mga espesyal na paraan para sa mga Partikular na munisipyo, probinsya, pangunahing lungsod at rehiyon para itaguyod ang kanilang pagunlad pangekonomiyang kasabay ng pagkakaugnay ng lipunan at pagkakaisa, mabawasan ang mga panlipunan at pangekonomiyang di pagkakapantaypantay, pagyamanin ang pagtaguyod sa karapatan ng tao atmarating ang mga layuning labas pa sa mga nais marating sa ordinaryong pagpapatupad ng kanilang mga tungkulin. May sariling ari-arian ang mga munisipyo, probinsya, pangunahing lungsod at rehiyon na inilalaan sa kanila ayon sa mga pangkalahatang prinsipyong inilalatag ng mga pambansang kautusan.

Maaari silang makapangutang kung ito ay para lamang ipangtustos sa gastusin sa pamumuhunan. Ang mga garantiyang Estado para sa mga utang na kinuha para sa ganitong layunin ay hindi tinatangap.

#### **Art. 120**

Hindi maaaring buwisan ang mga luwas o angkat o sa pagbibiyaye ng kalakal sa pagitan ng mga Rehiyon o magpanukala ng mga pamamaraan na makakasagka sa kalayaang gumalaw ng mga tao o mga kalakal sa pagitan ng mga Rehiyon. Hindi maaaring limitahan ng mga Rehiyon ang karapatan ng mamamayan na magtrabaho saan mang bahagi ng pambansang teritoryo.

Maaaring gumampan ang gobyerno para sa mga organo ng rehiyon, syudad metropolitan, probinsya at munisipalidad kung ang rehiyon ay hindi makaangkop sa pandaigdigang patakaran o lehislasyon ng EU o sa kaso ng matinding panganib para sa kaligtasan at seguridad ng publiko, o sa anumang pagkakataong kailangang ipreserba ang legal at pangekonomiyang pagkakaisa.

#### **Art. 121**

Ang mga bahagi ng Rehiyon ay ang: Pangrehiyong Konseho, Pangrehiyong Tagapagpaganap at ang Pangulo nito.



Ang Pangrehiyong Konseho ang magpapalakad ng kapangyarihang magsabatas gayundin ang iba pang mga tungkuling ipinagkaloob ng Saligang Batas at ng mga batas. Maaari itong magsumite ng mga panukalang batas sa Parliyamto o Kapulungan. Ang Pangrehiyong Tagapagpaganap ang lupon tagapagpaganap ng Rehiyon. Ang Pangulo ng Pangrehiyong Tagapagpaganap ang kumakatawan sa Rehiyon, namamahala at responsible sa pagawa ng mga patakaran ng Tagapagpaganap, gumagawa ng batas at mga batas ng rehiyon, namamahala sa administratibong tungkuling iniatang sa rehiyon ng Estado ayon sa mga tagubilin ng Gobyerno ng Republika.

**Art. 122**

Ang sistemang elektoral at ang mga usapin ng pagiging hindi karapat dapat at walang kakayahan ng Pangulo at iba pang miyembro ng Pangrehiyong Tagapagpaganap at Sangguniang Pangrehiyon ay itatakda ng isang batas pangrehiyon ayon sa mga pangunahing prinsipyo ng batas ng Republika na siya ring nagtatakda ng termino ng mga halal na pinuno. Walang sinuman ang maaaring maging kasapi ng parehong Sangguniang Pangrehiyon o Pangrehiyong Tagapagpaganap at sa mga Kapulungan sa isa pang Sangguniang Pangrehiyon o kaya sa Kapulungan ng Europa. Ang Sanggunian ay maghahalal ng Pangulo sa kanilang mga kasapi at ng Kagawaran. Ang mga Kagawad na Pangrehiyon ay hindi mananagot para sa opinyong inilalahad at mga botong ginawa nito sa pagganap ng kanyang mga gawain. Ang Pangulo ng Pangrehiyong Tagapagpaganap ay ihahalal sa pamamagitan ng pangkalahatan at direktang botohan maliban kung may ibang paraang nakasaad sa batas ng rehiyon. Ang halal na pangulo ay maghihirang at magtatanggal ng mga miyembro ng Tagapagpaganap.

**Art. 123**

Ang bawat Rehiyon ay magkakaroon ng batas na naayon sa Saligang Batas, maglalitag ng anyo ng gobyerno at ng mga batayang prinsipyo para sa organisasyon at operasyon ng rehiyon. Ang batas ang siyang magkokontrol sa karapatan na magpasimula ng pagsasabatas at magtaguyod ng sanggunian ng mga batas at administratibong alituntunin gayundin ang paglalathala ng mga batas at mga patakaran pangrehiyon. Ang mga batas ng rehiyon ay ipinapagtibay at inaamendahan ng Pangrehiyong Konseho, inaaprubahan ito ng nakararami matapos ang dalawang magkasunod na deliberasyon sa loob ng dalawang buwan. Ang bisa o opisyal na lagda ng Komisioner ng Gobyerno ay hindi na kailangan para dito. Maaaring isumite ng Gobyerno ng Republika ang pagiging lehitimo ayon sa Saligang batas ng mga batas ng rehiyon sa Hukumang Ayon sa Saligang Batas sa loob ng tatlong araw matapos itong mailathala. Ang batas ay isusumite para sa isang sanggunian kung hihilingin ng isang-kalimampu (1/50) ng mga botante o hilingin ng isang-kalima (1/5) ng miyembro ng Pangrehiyong Konseho sa loob ng tatlong (3) buwan matapos itong mailathala. Ang batas na isinumite para sa isang sanggunian ay hindi maisasabatas kung hindi aprubado ng mayorya ng mga botong may bisa. Sa bawat rehiyon, ang Konseho ng Lokal ng mga Pinuno bilang Kinatawang Pangsanggunian sa pagitan ng mga pinuno sa Rehiyon at lokal ay gagabayan ng batas.

**Art. 124**

*(Pinawalang bisa)*

**Art. 125**

Ang mga hukumang administratibo ng unang dulugan ay itatatag sa Rehiyon ayon sa mga alituntuning itinatag ng batas ng Republika. Maaaring magtakda ng mga seksyon sa mga lugar labas ng pangrehiyong kabisera.

**Art. 126**

Maaaring buwagin ang Sanguniang Pangrehiyon at ang Pangulo ng Tagapagpaganap ay maaaring mapaalis sa pwesto sa pamamagitan ng isang atas ng Pangulo ng Republika kung ang mga ginagawa ng una ay labag sa batas at sa Saligang Batas. Ang pagbuwag o pagtanggap ay maaari ring pagdesisyonan para sa ikabubuti ng pambansang seguridad. Ang nasabing batas (decree) ay mapagtitibay matapos ang isang konsultasyon sa komite ng mga Kinanatawan at Senador para sa Pangrehiyong ugnayan na bubuun sa paraang itinatakda ng batas ng Republika. Maaring magpatibay ang Sangguniang Pangrehiyon ng isang mosyon ng kawalang tiwala laban sa Pangulo na pirmado ng isang-kalima (1/5) ng myembro nito at ipinagtibay sa pamamagitan ng taas kamay na botohan na mayroon simpleng nakararami ng kasapian. Ang nasabing mosyon ay hindi maaaring pagdebatehan bago ang tatlong araw matapos ang paghahain nito. Ang pagpapatibay ng nasabing mosyon ng walang tiwala laban sa Pangulo na naihalal sa pamamagitan ng pangkalahatan at direktang halalan at ang pagpapatanggal sa pwesto, ng permanenteng kawalan kakayahan, kamatayan o boluntaryong pagbibitiw ng Pangulo ay mangangailangan ng pagbibitiw ng Tagapagpaganap at ang paglusaw ng Sanggunian. Ito rin ang epekto ng sabayang pagbibitiw ng mayoryang myembro nito.

**Art. 127**

Ang pamahalaan ay maaaring magsumite ng pagtaya ng pagiging lehitimo ng isang batas rehiyon sa Hukuman sa loob ng animnapung araw matapos ang paglalathala nito. Ang Rehiyon ay maaaring magsumite ng ng pagtaya ng pagiging lehitimo ng isang batas sa isang Estado o pangrehiyong batas o alituntunin na may bisa ng batas sa Hukumang Pangsaligang Batas sa loob ng animnapung araw matapos ng pagkalathala nito kung sa tingin ay nakakasagka sa kagalingan nito.

**Art. 128**

*(Pinawalang Bisa)*

**Art. 129**

*(Pinawalang Bisa)*

**Art. 130**

*(Pinawalang Bisa)*

**Art. 131**

Ang mga sumusunod na Rehiyon ay itatatag:

Piedmont; Valle d'Aosta; Lombardy; Trentino-Alto Adige; Veneto; Friuli-Venezia Giulia; Liguria; Emilia-Romagna; Tuscany; Umbria; The Marches; Latium; Abruzzi; Molise; Campania; Apulia; Basilicata; Calabria; Sicily; Sardinia.

**Art. 132**

Sa pamamagitan ng Saligang Batas, matapos ang konsultasyon sa mga Sangguniang Pangrehiyon, maaaring mapagdesisyonan ang pagsasanib ng mga rehiyon o ang pagbubuo ng bagong Rehiyon na may pinakamamabang bilang ng populasyon na isang milyon kung may kahilingang nagmula sa ilang mga Sangguniang Pambayan na kumakatawan sa hindi bababa sa isang-ikatlo (1/3) ng populasyon at ang nasabing kahilingan ay aprubado ng reperendum ng mayorya ng nasabing mga populasyon. Ang mga Probinsiya at Munisipalidad na hihiling na mahiwalay sa isang Rehiyon at maisama sa isa pa ay maaaring payagan matapos ang isang sanggunian at isang batas ng Republika na aaprubahan ng mayorya ng populasyon ng Probinsya o mga Probinsya o ng Munisipilad na nasasangkot, matapos na mapakinggan ng Sangguniang Pangrehiyon.

### **Art. 133**

Ang mga pagbabago sa panlalawigan hangganan at ang pagkakaroon ng mga bagong Probinsya sa loob ng isang Rehiyon ay kinokontrol ng batas ng Republika, sa pasusulong ng mga Munisipalidad at matapos ang konsultasyon sa Rehiyon. Ang rehiyon, matapos ang konsultasyon sa populasyong nasasangkot ay maaaring magtatag sa pamamagitan ng kanyang batas, ng mga bagong Munisipalidad sa loob ng kanyang teritoryo o baguhin ang kanyang mga distrito at pangalan ng mga ito.

## **Titulo VI Pananagutan ng Saligang Batas**

### *Seksiyon I Ang Hukumang Pangsaliang Batas*

### **Art. 134**

Ang Hukumang Pangsaliang Batas ay maglalabas ng kanyang pagpapasya sa mga sumusunod: mga kontrobersiya ukol sa pagayon sa Saligang Batas ng mga batas at mga na may bisa ng batas na ipinatutupad ng Estado at ng mga rehiyon; mga salungatang iniluwal ng alokasyon ng kapangyarihan sa Estado at iyung mga Estado at rehiyon at sa pagitan ng mga rehiyon; mga akusasyon laban sa Pangulo ng Republika, ayon sa nilalaman ng Saligang Batas.

### **Art. 135**

Ang Hukumang Pang-saliang Batas ay kinabibilangan ng labinlimang (15) hukom, isang-ikatlong (1/3) hinirang ng Pangulo ng Republika, isang-ikatlo (1/3) ng magkasanib na Parliyamto at isang-ikatlo (1/3) ng mga ordinaryo at administratibo mula sa Katastasang Hukuman. Ang mga hukom ng Hukumang Pangsaliang Batas ay pagpipilian mula sa mga hukom, kabilang na ang mga retirado, sa mga ordinaryo at mataas na hukumang administratibo, mula sa propesor ng batas sa pamantasan at mga abogadong may humigit dalawampung taong kasanayan sa abogasya. Ang mga hukom ng Hukumang Pangsaliang Batas ay ihihirang sa loob ng siyam na taon umpisa sa bawat isa simula sa araw ng kanilang panunumpa at hindi na sila maaaring mahirang muli. Pagkatapos ng nasabing panahon, ang Hukom Pangsaliang Batas ay hindi na muling mahihirang at hindi na niya pwedeng ipatupad angkanyang mga nasabing tungkulin. Ihahalal ng Hukuman mula sa kanyang mga myembro, ayon sa mga alituntuning isinasaad ng batas ang Pangulo na siyang mananatili sa pwesto ng tatlong (3) taon ay maaaring siyang muling maihalal. Ang tanggapan ng Hukom na Pangsaliang batas ay hindi magiging myembro ng parliyamto, ng sangguniang pangrehiyon at sa pagsasanay ng propesyong abugasya at sa anumang talagang posisyon o tanggapan isinasaad ng batas. Sa pagpapataksik ng Pangulo ng Republika, maliban sa mga hukom mayroon ding pipiliing labinanim (16) na miyembro mula sa listahan ng mga mamamayan na may kinakailangang kuwalipikasyon para mahalal sa Senado na siya namang hinahanda ng Parliyamto tuwing ika-siyam na taon sa pamamagitan ng eleksyon gamit ang parehong mga pamamaraan sa pagtatalaga o paghirang ng mga ordinaryong hukom.

### **Art. 136**

Sa panahong ideklara ng Hukuman na hindi naaayon sa Saligang Batas ang isang batas, mawawalan ito ng bisa isang araw matapos malathala ang desisyon ng Hukuman. Ang desisyon ng Hukuman ay ilalathala at ipapaabot sa mga Kapulungan at sa mga

Sangguniang Pangrehiyon o kung saan man nakikitang mahalagang ipaabot, at ang mga ito ay kikilos ayon sa itinakdang Saligang Batas na pamamaraan.

**Art. 137**

Ang batas na naaayon sa Saligang Batas ay magtatakda ng mga kondisyon, porma at termino ng pagpapanukala ng mga pasya na kinakailangang naaayon sa Saligang Batas at titiyakin nito ang kalayaan ng mga hukum Pangsaliang Batas. Ang mga ordinaryong batas ang siyang magtatatag ng iba pang kailangang mga nilalaman ng batas ayon sa Saligang Batas at sa pagpapalakad ng mga Hukuman. Walang pinapahintulatang apila laban sa desisyon ng Hukumang Pangsaliang Batas.

*Seksiyon II*

*Pagbabago sa Saligang Batas - Ang mga batas sa Saligang Batas*

**Art.138**

Ang mga batas sa pagbabago sa Saligang Batas at iba pang mga itinadhanang batas ng Saligang Batas ay pagtitibayin ng bawat Kapulungan matapos ang dalawang magkasunod na pagtatalo na may pagitan na hindi bababa sa tatlong (3) buwan at pagtitibayin ng buong nakakarami ng miyembro ng bawat Kapulungan sa ikalawang botohan. Isusumite ang mga nasabing batas sa isang referendum kung, sa loob ng tatlong buwan (3) matapos itong mailathala, ang nasabing kahilingan ay nagmula sa isang-ikalimang (1/5) ng mga miyembro ng Kapulungan o limang daang libong botante o limang (5) konsehong rehiyonal. Ang batas na isinumite para sa referendum ay hindi maisasabatas kung hindi inaprubahan ng mayorya ng mga botong may bisa. Walang magaganap na referendum kung naaprubahan ang batas sa ikalawang (2) botohan ng bawat isang (1) Kapulungan sa pamamagitan ng mayorya ng dalawang-ikatlong (2/3) bahagi ng mga miyembro nito.

**Art. 139**

Ang kaanyuan ng Republika ay hindi maaaring maging paksa sa pagbabago ng Saligang Batas.

**MGA PANSAMANTALA  
AT MGA HULING NILALAMAN**

**I**

Sa pagsasakatuparan ng Saligang Batas ang pansamantalang Pinuno ng Estado ay siyang gaganap ng tungkulin ng Pangulo ng Republika at gagampanan ang nasabing titulo.

**II**

Kung, sa takdang araw ng halalan sa pagka Pangulo ng Republika ay hindi pa nabubuo ang lahat ng mga Sangguniang Pangrehiyon, ang mga myembro lamang ng dalawang Kapulungan ang siyang lalahok sa halalan.

**III**

Para sa unang bubuo ng Senado ng Republika, ang mga kinatawan ng Kalipunan ng mga Manghahalal na nagtataglay nang lahat ng kinakailangan ng batas para maging Senador at: naging mga pangulo ng Konseho ng mga Ministro o ng Kapulungan ng mga Mambabatas; naging myembro ng binuwag na Senado; naihalal ng halos tatlong (3) beses kasama na ang sa Kapulungan ng mga Manghahalal; tinanggal sa pagupo ng Kapulungan ng mga Kinatawan noong Nobyembre 9, 1926; nakulong nang hindi bababa sa limang (5) taon bilang sentensya ng espisyal na hukuman sa pasista para sa pagtatanggol sa Estado; ay maaaring mahirang na Senador. Ang mga naging myembro

ng binuwag na Senado at naging bahagi ng Sangguniang Pangbansa ay maaari ring mahirang na Senador, kung mayroong utos (decree) ang Pangulo ng Republika. Ang karapatang mahirang na Senador ay maaaring tanggihan o isuko bago ang paglagda ng kautusan ng pagkatalaga. Ang pagtanggap ng kandidatura para sa halalang pulitikal ay isang pagtalikod na sa karapatang mahirang bilang Senador.

#### IV

Para sa unang halalan ng ng Senado, ang Molise ay itinuturing na isang rehiyon na may sapat na bilang ng Senador base sa kaniyang populasyon.

#### V

Ang nilalaman ng Artikulo 80 ng Saligang Batas tungkol sa pandaigdigang kasunduan na may kinalaman sa laang-gugulin o pagbabago sa batas ay magiging epektibo lamang mula sa araw ng pagtitipon ng Parliamento.

#### VI

Sa loob ng limang (5) taon matapos magkabisa ang Saligang Batas, ang mga espesyal na bahaging may saklaw ng kapangyarihan (“special jurisdictional bodies”) na nananatiling nakatayo ay babaguhin maliban sa kapangyarihan o saklaw (jurisdiction) ng Council of State, Court of Accounts, at Hukumang Militar. Sa loob ng isang taon ng parehong petsa, isang batas ang maglalagat ng reorganisasyon ng Kataastaasang Hukumang Militar batay sa Artikulo 111.

#### VII

Hanggang sa dumating ang panahong magkaroon ng isang bagong batas ukol sa hudikatura ayon sa Saligang Batas, patuloy pa rin ang mga itinadhanang batas na isinasaad ukol dito. Hanggang sa panahong magumpisang gumanap ang mga Hukumang Pangsaligang Batas, ang mga desisyon sa mga kontrobersyang binabanggit sa Artikulo 134 ay ipapatupad sa paraang at ayon sa mga limitasyon ng mga batas na itinadhana na at umiiral bago ang pagpapatupad ng Saligang Batas.

#### VIII

Ang halalan ng mga Sangguniang Pangrehiyon at ng mga nahalal na kinatawan ng administrasyong pangprobinsiya ay ipapatawag sa loob ng isang (1) taong implementasyon ng Saligang Batas. Ang batas ng Republika ang siyang magsasaayos ng bawat sangay ng administrasyong pampubliko, at ang mga batas ng Republika ang siyang magsasaayos sa mga pagpasa ng mga estado ng gawaing kaakibat ng pagiging isang rehiyon. Hanggang dumating ang panahon na naisakatuparan ang pagkakahati ng mga gawaing administratibo sa mga lokal na bahagi, ang mga lalawigan at mga munisipalidad ay mananatiling hawak ang kani-kanilang kinagawiang katungkulan pati na rin ang mga maari pang iatang sa kanila ng Rehiyon. Ang batas ng Republika ang magsasaayos ng paglilipat ng mga namumuno at kawani sa mga rehiyon mula sa pagiging pinuno at kawaning pambansa, kasama na rin ang mga nasa sentrong administrasyon, na maaring kailanganin dahil sa mga bagong itinadhana ng Saligang Batas. Sa pagtatatag ng kanilang bagong tanggapan kanilang isasaalang-alang ang pagkuha ng kawani mula sa mga kawani na ng Estado, maliban lamang sa pangangailangan.

## IX

Ang Republika, sa loob ng tatlong taon na pagpapatupad ng Saligang Batas ay maaaring magbago batay sa pangangailangan ng mga lokal na otonomiya at sa lihislatibong hurisdiksyon naatang sa mga Rehiyon.

## X

Para sa Rehiyon ng Friuli-Venezia Giulia, ayon sa Artikulo 116, ay pansamantalang ipatutupad ang pangkalahatang nilalaman ng Titulo V sa ikalawang bahagi, nang walang kapinsalaan sa proteksyon ng mga “linguistic minorities” ayon sa Artikulo 6.

## XI

Hanggang sa limang taon matapos ang implementasyon ng Saligang Batas, ang ibang Rehiyon ay maaaring maitatag, kung saan ay inaamenda ang listahan sa Artikulo 131, at walang anumang kalagayang hinihingi ayon sa unang talata ng Artikulo 132, nang walang subalit na kapinsalaan, sa obligasyon na sangguniin ang mga mamamayang sangkot.

## XII

Mahigpit na ipinagbabawal ang reorganisasyon ng nabuwag nang Partido ng Pasista. Sa kabila ng Artikulo 48, itinatag ng batas, ng hindi hihigit sa limang taon mula sa implementasyon ng Saligang Batas, ang mga pansamantalang limitasyon sa karapatang bumoto at karapatang angkop para sa mga lider na responsible sa pasistang rehimen.

## XIII

Ang mga myembro at mga inapo ng pamilyang Savoy ay hindi maaaring maging botante at hindi maaaring umupo o ihalal sa pampublikong posisyon. Sa mga dating hari ng pamilya ng Savoy, sa kanilang mga “consorts” at mga lalaking inapo, ipinagbabawal ang akses at pagtira sa pambansang teritoryo. Ang mga ari-ariang umiiral sa loob ng pambasang teritoryo ng mga dating hari ng pamilya ng Savoy, ang kanilang mga konsorte at lalaking inapo ay babalik sa Estado. Ang paglipat at pagtatatag ng karapatang maghari sa mga nasabing ari-arian na naganap matapos ang 2 Hunyo 1954 ay walang halaga at walang bisa.

## XIV

Hindi kikilalanin ang anumang titulo ng pagigingbanal. Ang mga “*predicate*” na umiral bago ang 28 Oktubre 1922 ay magiging bahagi ng pangalan. Ang Order of Saint Mauritius ay pananatilihin bilang korporasyong ospital at gaganap ayon sa mga paraang isinasaad ng batas.

Ang batas ang mangangasiwa sa supresyon ng Heraldic Council.

## XV

Sa implementasyon ng Saligang Batas, ipapasa na isang batas ang legislative decree ng Lieutenant of the Realm No. 151 ng 25 Hunyo 1944.

## XVI

Sa loob ng isang (1) taon ng pagsasakatuparan ng Saligang Batas, maguumpisa na ang pagbabago at koordinasyon para sa mga naunang kontitusyunal na batas na hindi pa natanggal.

## XVII

Ipapatawag ng Pangulo ng Kapulungang Pangsaligang Batas ang huli upang magdesisyon ukol sa batas para sa halalan ng Senado ng Republika, sa mga spesyal na

pangrehiyong na batas at sa batas na gagabay sa mga mamahayag bago ang 31 Enero 1948.

Maaaring ipatawag ang Kapulungang Pangsaligang Batas hanggang sa araw ng halalan ng bagong Kapulungan kung ito ay kinakailangang magdesisyon sa mga bagay na sakop ng kanyang kapangyarihan ayon sa Artikulo 2, talata isa (1) at dalawa (2) at Artikulo 3 talata isa (1) at dalawa (2), ng kautusan lehistatibo Blg. 98 ng 16 Marso 1946. Hanggang sa panahong iyon, mananatili sa pagganap ng kanilang tungkulin ang mga permanenteng komite. Ibabalik ng mga lupong lehislatibo sa gobyerno ang mga panukalang batas na ipinadala sa kanila kalakip ang kanilang mga obserbasyon at mungkahi para sa pagbabago. Maaaring maglatag ng mga tanong ang mga Kinatawan sa Gobyerno na may kalakip na kahilingan para magbigay ng nakasulat na sagot. Ayon sa ikalawang talata ng Artikulong ito, ang Kapulungang Pangsaligang Batas ay ipapatawag ng Pangulo nito sa isang dokumentadong kahilingan ng Gobyerno o ng dalawang daang (200) kinatawan.

### XVIII

Ang kasalukuyang Saligang Batas ay isasabatas ng Pansamantalang Pinuno ng Estado sa loob ng limang (5) araw matapos itong aprubahan ng Kapulungang Pangsaligang Batas at magkakabisa sa 1 Enero 1948. Ang teksto ng Saligang Batas ay ilalagak sa bahay pamahalaan o munisipyo ng bawat Munisipalidad ng Republika at ipapakita sa madla sa buong taon ng 1948 para malaman ng bawat mamamayan ang tungkol dito. Ang Saligang Batas, na may selyo ng Estado ay isasama sa Opisyal na Talaan ng mga batas at atas ng Republika. Ang Saligang Batas ay kinakailangang buong pusong sinusunod ng mamamayan bilang batayang batas ng Republika.

*Ibinigay sa Roma ngayong ika- 27 ng Disyembre 1947*

ENRICO DE NICOLA

LUMAGDA RIN:

*Pangulo ng Kapulungang Pangsaligang batas ng Sanggunian*

UMBERTO TERRACINI

*Pangulo ng Sanggunian ng mga Ministro*

ALCIDE DE GASPERI

*Visé: Tagatago ng selyo*

Grassi

